DAVID MICHAEL M. SAN JUAN

# Bigwas sa Neoliberalismo, Alternatibo sa Kapitalismo: Adbokasing Pangwika at Sosyalistang Programa sa Nobelang *Mga Ibong Mandaragit* ni Amado V. Hernandez

*"Ibubuhos natin ang ating buong kakayahan at gagawin ang lahat ng magagawa upang ang ating bansa'y maging tunay na malaya't nagsasarili, at ang mga mamamayang Pilipino'y siyang maging tahas na panginoon sa kanilang lupain. Makatarungang demokrasya; pagkakapantay-pantay sa batas at pagkakataon sa buhay. Ito ang ating panata at hantungan kasakdalang tayo'y magbuwis ng ating buhay."*

- Mando Plaridel sa nobelang *Mga Ibong Mandaragit* ni Amado V. Hernandez

**ABSTRAK**

Sa gitna ng pangingibabaw ng neoliberalismo sa maraming bahagi ng mundo, patuloy na ipinatutupad ng mga gobyernong neo liberal ang mga polisiyang nagpapahirap sa nakararaming mamamayan gaya ng pagtitipid sa serbisyong panlipunan, pribatisasyon ng pag-aari ng Estado, at istagnasyon o kaya'y pagbabawas ng sahod/suweldo ng mga manggagawa. Nananatiling dominanteng sistemang ekonomiko ang kapitalismo, sa kabila ng pagsambulat ng internasyunal na krisis noong 2008 na naglantad sa napakaraming suliraning kabuhol ng pagbibigay-priyoridad sa tubo sa halip na tao, sa korporasyon sa halip na komunidad, at sa kapritso ng iilan sa halip na pangangailangan ng nakararami. Sa ganitong diwa, malaki ang pangangailangan na humanap ng mga alternatibo sa neoliberalismo at kapitalismo. Ang artikulong ito'y ambag sa pangkalahatang pagsisikap na itaguyod ang sosyalismo bilang alternatibo sa kapitalismo, sa pamamagitan ng kontekstuwalisasyon ng magkaugnay na adbokasing pangwika at sosyalistang programa sa nobelang Mga Ibong Mandaragit ni Amado V. Hernandez, isa sa mga Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan ng Pilipinas.

**Mga susing salita:** kapitalismo, sosyalismo, pagpaplanong ekonomiko, adbokasing pangwika, neoliberalismo

***ABSTRACT***

*Amidst the dominance of neoliberalism in many parts of the world, neoliberal governments continuously implement policies that impoverish the majority of citizens, like cutting the budget for social services, privatization of State properties, and stagnation or reduction of workers' wages/salaries. Capitalism persists as the prevailing economic system, despite the 2008 international crisis that exposed the myriad of problems associated with prioritizing profits over people, corporations over communities, and the luxury of the few over the needs of the many. In view of this, there is an urgent need to seek alternatives to neoliberalism and capitalism. This article is a contribution to the collective endeavor to promote socialism as an alternative to capitalism, through the contextualization of the related language advocacy and socialist program in the novel Mga Ibong Mandaragit (Birds of Prey) written by Amado V. Hernandez, a Philippine National Artist for Literature.*

***Keywords:*** *capitalism, socialism, economic planning, language advocacy, neoliberalism*

## PANIMULA: MITO NG GLOBALISASYON

Ilang dekada mula nang maisulat ni Amado V. Hernandez ang *Mga Ibong Mandaragit*, hindi pa rin ganap na malaya sa aspektong kultural, politikal, at ekonomiko ang nakararaming bansang saklaw ng Ikatlong Daigdig o Third World. Deka-dekada pagkatapos ilako ng mga tagasuporta ng globalisasyon ang utopya ng "daigdig na walang hanggahan" o "borderless world," nananatiling mataas ang mga literal at piguratibong mga bakod na naghihiwalay sa mga bansa, at sa mga mamamayan sa loob ng mga bansa. Ang pangakong kaunlaran para sa lahat ay napatunayang isa lamang mito. Ilang halimbawa ang magpapatunay sa kahungkagan ng mga pangakong napako ng globalisasyon: kailangan pa rin ng visa sa pamamasyal sa maraming bansa; lumalaganap ang karahasan at/o rasismo laban sa mga migranteng manggagawang nasa First World, mula sa Third World; sa halos bawat bansa, maunlad man o mahirap, lalong lumalawak ang agwat ng mayayaman at mahihirap; mas malaking porsiyento ng mga umiiral na trabaho ang kontraktuwal at/o

baratilyo ang pasuweldo; tumitindi ang karerang pabaratan ng sahod o *race to the bottom* ng mga bansa upang maakit ang mga korporasyong transnasyonal na mas mabilis pa sa kisapmatang nakapaglilipat-lipat ng operasyon batay sa kung saan pinakamakapipiga ng pinakamalaking tubo; walang habas ang pagpapatupad ng komodipikasyon ng edukasyon at komodipikasyon mismo ng mga estudyante at mga manggagawa sa ilalim ng mga eskemang naglalayong mabilis na makapagmanupaktura ng mga *semi-skillled* na manggagawa o propesyonal na madaling mapipilit na magtrabaho sa kondisyong kontraktuwal at baratilyong pasahod sapagkat marami rin namang nagsipagtapos ng kolehiyo ang walang trabaho, lalo pa't hindi pa nareresolba ang krisis na nagsimula noong 2008 sa mga mauunlad na bansa sa Kanluran.

## TEKNIKALISASYON AT DEHUMANISASYON SA ILALIM NG K TO 12

Sa Pilipinas, patuloy ang paglalako sa mga mito ng globalisasyon sa pamamagitan ng bulag na pagkopya sa sistemang pang-edukasyon ng nakararaming bansa. Mabilis na ipinasá sa Kongreso at Senado ang Batas Republika 10533 o batas na nagpapatupad sa sistemang Kindergarten to 12 Years of Basic Education (K to 12), sa kabila ng kawalan ng malawakan at demokratikong konsultasyon sa mga apektadong sektor, lalo na sa humigit-kumulang 100,000 propesor, janitor, klerk at iba pang manggagawa sa antas tersiyaryo. Hindi kataka-takang anim na petisyon na sa Korte Suprema ang isinampa ng mga grupong gaya ng Suspend K to 12 Coalition, Alyansa ng Mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino (TANGGOL WIKA), Magdalo Partylist, Suspend K to 12 Alliance, Koalisyong Makabayan[1], National Union of People's Lawyers (NUPL), at Concerned Parents of Manila Science High School, upang kuwestiyunin ang legalidad at konstitusyonalidad ng K to 12, o kaya'y ng ilang aspekto nito. Sa halip na pagsagot sa mga argumento ng mga anti-K to 12, tila sirang plaka ang mga tagapagsalita ng panig na maka-K to 12 sa pag-uulit-ulit ng mga pariralang "regional integration"; "globalization"; "global competitiveness"; "benchmarking"; "job market"; "technical-vocational" at iba pa, kasabay ng pagbanggit sa K to 12 ngunit walang inilalaang espasyo ang Estado para sa debate hinggil sa mga konseptong ito. Hindi kataka-takang bumaha ng ayudang pinansiyal mula sa United States Agency for International Development (USAID), World Bank, Australian Agency for International Development (AusAID), at iba pang dayuhang entidad, para sa mabilisang pagpapatupad ng K to 12, sapagkat malinaw ang layunin ng K to 12: iakma ang sistemang pang-edukasyon ng bansa sa mga pangangailangan ng mga mauunlad na bansa at pangangailangan ng mga malalaking negosyong lokal at transnasyonal (San Juan, 84). Mapait na pildoras ang pilit ipinaiinom sa mga estudyanteng inaalok ng K to 12 na kumuha ng mga kursong technical-vocational na "in-demand" sa ibang bansa tulad ng Caregiving, Housekeeping, Household Services, Wellness Massage, Slaughtering Operation, Welding, Food & Beverage Services, Cookery at iba pa. Bansa ng mga serbidor, alila, alipin, kaipala, ang layunin ng K to 12.

Sa kabila ng pagbaha ng bagong utang na ipinaketeng ayuda para sa K to 12, lantad na lantad na sa buong bansa ang kawalan ng sapat na kahandaan ng gobyerno sa pagpapatupad nito – mula sa kulang na pondo at pasilidad, hanggang sa kulang na personnel at materyales na panturo, maraming eskuwelahan pa rin ang walang kuryente, daan-daan ang sa ilalim ng puno nagkaklase, walang aklat sa ilang aklatan, isa lamang ang CR para sa isandaang estudyante, isang guro sa bawat klaseng may 40 hanggang 80 estudyante na bagsak sa pamantayang global mula sa 1:9 ng Cuba at Sweden (na kapwa mas maunlad sa Pilipinas) hanggang sa 1:31 ng Timor Leste (na mas anak-dalita pa sa Pilipinas). Pinakamasaklap, ayon mismo sa Departamento ng Edukasyon, 500,000 estudyanteng magtatapos sa publikong junior high school ang palilipatin nila sa pribadong senior high school at bibigyan lamang ng subsidyong 8,750 hanggang 22,500 piso kada taon na kapos na kapos sa matrikula sa mga paaralang pribado na karaniwa'y 25,000 hanggang 70,000 piso kada taon, bukod pa sa karagdagang gastusin sa iba pang bayarin, uniporme, teksbuk at iba pa. Sa gitna ng kaguluhan, ni hindi naging bahagi ng opisyal na diskurso ng gobyerno ang pagtalakay sa mga pagbabago sa nilalaman ng kurikulum sa ilalim ng K to 12. Ipinagpatuloy ang imposisyon ng mga kompetensi sa bawat asignatura na nilikha ng mga "eksperto" na wala namang sapat na koordinasyon at konsultasyon sa mga guro at iba pang stakeholder sa buong bansa. Sa ganitong konteksto, walang habas na pinungusan ng mga "eksperto" ang General Education Curriculum sa kolehiyo at arbitraryong nagdagdag naman ng dalawang taon sa antas sekundarya – dalawang taon ng senior high school – sa kabila ng katotohanan na walang pananaliksik na isinagawa ang magpapatunay na kailangan nga nito. Sa aktuwal, isang pag-aaral na kuwantitatibo nina Abraham Felipe at Carolina Porio ang nagbigay-babala laban sa pagdaragdag ng dalawang taon sa hayskul. Anu't anuman, sapat na sana sa mga may sentido komun ang pariralang "if ain't broke, don't fix it" ("kung hindi naman sira, 'wag pakialaman"). Lumilitaw tuloy na pagwasak ang layunin ng K to 12: pagwasak sa progresibo at makabayang edukasyong mag-aambag sa pag-unlad ng bansa at ng mga mamamayan nito (San Juan, 95-96). Manggagawang robotiko at dehumanisado ang imamanupaktura ng K to 12 at isa lamang sa mga hakbang ng establisimyento sa pagsasakatuparan nito ang pagbura sa Filipino at Panitikan sa kolehiyo.

## PAKIKIBAKA LABAN SA PAGBURA SA FILIPINO, LITERATURA, KASAYSAYAN AT IBA PANG ASIGNATURA

Sa pamamagitan ng Commission on Higher Education Memorandum Order (CMO) No. 20, Series of 2013, binura ng ikalawang administrasyong Aquino ang asignaturang Filipino, Literatura, at Philippine Government & Constitution. Pinaslang ng mga "eksperto" ang wikang pambansa sa kurikulum ng kolehiyo, alinsunod sa hungkag na pag-alingawngaw ng panawagang "global competitiveness" na nag-anyong rasonableng pagtalikod sa sarili upang diumano'y harapin ang daigdig, pagpatay sa kakayahang makipag-usap at makipagdiskurso sa kababayan upang diumano'y higit na maging mahusay sa

pakikipagtransaksiyon sa mga masasalaping dayuhan, tuon sa kakayahang teknikal at trabaho lamang habang isinasantabi ang pangkalahatang paghubog sa pagkatao at pagiging tao ng estudyante. Sa esensiya, timplang *1984* + *Matrix* + *Surrogates* ang niluto ng mga eksperto, sa halip na pedagohiyang mapagpalayang akma sa sitwasyon ng bansa na dati ring kolonya gaya ng Brazil ni Paulo Freire. Bukod dito, binura pa ng Departmento ng Edukasyon ang asignaturang Kasaysayan ng Pilipinas/Philippine History sa junior high school at hindi rin ito isinama sa kurikulum ng senior high school, sa panahong nanggagalaiti ang madla upang isalba ang payapang tanawin sa likuran ng monumento ni Jose Rizal sa Luneta, sa "pambababoy" ng Torre de Manila. Kinalimutan na ng mga "eksperto" ang sinaunang kawikaang "Ang hindi lumingon sa pinanggalingan, di makararating sa paroroonan."

Mabuti na lamang at nag-aklas ang mga makabayan. Mula sa mga forum sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas, hanggang sa mga lansangan, nakarating ang pakikibaka upang ipagtanggol ang wikang pambansa, sa Korte Suprema. Noong 15 Abril 2015, humigit-kumulang 100 edukador, manunulat, estudyante, lingkod-bayan, at mga mamamayang may malasakit sa wikang pambansa ang nagsama-sama upang isampa sa Kataas-taasang Hukuman ang kauna-unahang petisyon na nakasulat sa wikang Filipino, na naglalayong ipahinto ang implementasyon ng anti-Filipinong CMO No. 20, Series of 2013. Kinampihan ng Korte Suprema ang TANGGOL WIKA at binuweltahan ang TANGGAL WIKA nang maglabas ito ng indefinite na Temporary Restraining Order (TRO) laban sa CMO No. 20, Series of 2013 noong 22 Abril 2015.

Daan-daang pahina ng dokumento ang isinumite ng TANGGOL WIKA – tulad ng resolusyon na "HUMIHILING SA COMMISSION ON HIGHER EDUCATION (CHED), AT KONGRESO AT SENADO NG REPUBLIKA NG PILIPINAS, NA AGARANG MAGSAGAWA NG MGA HAKBANG UPANG ISAMA SA BAGONG GENERAL EDUCATION CURRICULUM (GEC) SA ANTAS TERSIYARYA ANG MANDATORY NA 9 YUNIT NG ASIGNATURANG FILIPINO" pinagtibay noong 23 Mayo 2014 ng National Commission on Culture and the Arts-National Committee on Language and Translation (NCCA-NCLT), at ng "KAPASIYAHAN NG KALUPUNAN NG MGA KOMISYONER BLG. 14-26 SERYE NG 2014" ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), gayundin ang resolusyon na may petsang 31 Mayo 2013 ng Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino (PSLLF) tungkol sa "PAGTIYAK SA KATAYUANG AKADEMIKO NG FILIPINO BILANG ASIGNATURA SA ANTAS TERSYARYA" – upang itaguyod ang pagkakaroon ng asignaturang Filipino sa kolehiyo at pagiging pangunahing wikang panturo nito sa mataas na antas ng edukasyon. Bukod dito, binigyang-diin din ng petisyon ng TANGGOL WIKA sa Korte Suprema ang makabuluhang paninindigan ng mga guro ng Sining at Mga Wika sa National Center for Teacher Education (NCTE), ang Philippine Normal University (PNU) na nagpapahayag na: "Bukal ng karunungan ang Filipino bilang larangan na humuhubog ng kabuuan, kaakibat ang pagpapahalaga sa ating pagkamamamayang Filipino. Gamit ang Filipino bilang isang larangan, itinatampok at binubuo nito ang

pagkatao at pagkakakilanlan ng ating lahi na pundasyon ng ating kamalayan at kalinangan. Malinaw na ang wikang Filipino ang pangunahing instrumento upang mapaunlad ang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral tungo sa pambansang kaunlaran." Sapagkat Filipino ang wikang ginagamit ng 99% ng populasyon ng bansa, tiyak na ito rin ang wika ng pagbabagong panlipunan at pambansang kaunlaran. Sa kontekstong multilinggwal, multikultural, arkipelahiko, at post/neokolonyal ng Pilipinas, usaping buhay-at-kamatayan ang puspusang paggamit ng wikang pambansa bilang pangunahing wika ng edukasyon, komunikasyon, at pambansang diskurso. Sa pamamagitan lamang ng isang matibay na wikang pambansa mabubuo ang tagni-tagning piraso ng arkipelago tungo sa mabilis na pagkakaunawaan, mabilis na praxis, mabilis na pagteteorya at aplikasyon ng teorya, mabilis na pananaliksik at aplikasyon ng pananaliksik, tungo sa mabilis na pambansang kaunlaran, tulad ng pinatunayan ng mga bansang industriyalisado sa Asya – gaya ng Tsina, Hapon, Timog Korea, at Taiwan – modelong sinundan ng mga ekonomiya sa rehiyon na mas maunlad na sa Pilipinas tulad ng Thailand, Malaysia, Indonesia, at maging Mongolia sa nakalipas na wala pang isang dekada. Ang pagliligtas sa espasyo ng Filipino, kung gayon, ay malinaw na kailangan sa pagbubuo ng mabulas na pambansang diskurso sa mga isyung panlipunan sa loob at labas ng akademya tungo sa pagtataas ng antas ng diskurso at kamalayan ng madla, at sa pagpapatupad ng mga radikal na repormang sosyo-ekonomiko na makapagdudulot ng kaunlarang panlahat.

Bilang ambag sa patuloy na pakikibaka laban sa pagbura ng Filipino, Literatura, at Kasaysayan sa kurikulum at upang patunayan ang mahigpit na ugnayan ng Filipino at Literatura, at pambansang kaunlaran, ilalahad sa mga susunod na bahagi ng papel ang sosyalistang programa sa nobelang *Mga Ibong Mandaragit* ni Amado V. Hernandez, pagkatapos ng maikling kritik sa umiiral na sistemang panlipunan na hinangad baguhin noon ng mga kagaya ni Ka Amado at hanggang ngayo'y pinagsisikhayang baguhin ng mga tagapagmana ng kaniyang makabayan at progresibong adhikain. Sa pangkalahatan, maglalahad ang mananaliksik ng mga praktikal na preskripsiyong pang-edukasyon, pampolitika at pang-ekonomiya mula sa dinamikong sintesis ng mga ideya mula sa *Mga Ibong Mandaragit* at mga kaugnay na pananaliksik na nagpapatibay sa radikal na bisyong sosyo-ekonomiko ng mga progresibong gaya ni Ka Amado.

## KABIGUAN NG KAPITALISMO AT PAGHAHANAP NG ALTERNATIBO

Bigo ang mga gobyerno ng mga kapitalistang bansa sa Estados Unidos at sa Europa na resolbahin ang krisis ng kapitalismo na sumambulat noong 2008, batay na rin sa mataas na antas ng disempleyo, lumolobong utang, at pagbabawas ng pondo para sa serbisyong panlipunan sa mga bansang apektado ng krisis. Gaya ng pinatutunayan ng halos hindi na lumalawak na pamilihan o merkadong mapagbebentahan ng produkto, pananamlay ng kalakalang global, at mabagal na paglago ng gross domestic product (GDP) ng daigdig,

bigo sa paglutas ng krisis ang mga solusyong tapal-tapal (Band-Aid solutions) ng mga gobyernong kapitalista tulad ng pagsasalba sa mga dambuhala at pribadong institusyong pinansiyal, pagbabawas ng badyet para sa serbisyong panlipunan, pagtataas ng edad ng pagreretiro, pagwasak o paglimita sa karapatang mag-unyon, paghihigpit sa migrasyon, paghadlang sa pagtaas ng sahod at iba pa. Noong 2016, nagpasiya rin ang mga mamamayan ng United Kingdom na bumaklas sa isa sa pinakamalaking bloke ng kalakalang kapitalista – ang European Union (EU) – at nahalal na presidente ng Estados Unidos si Donald Trump, na nangakong magpapawalang-bisa sa mga tratadong pangkalakalan na kinasasangkutan ng pinakamalaking bansang kapitalista. Lahat ito'y indikasyon ng di malutas-lutas na krisis ng kapitalismo.

Ang mga remedyong alok ng mga kapitalista ay lalo lamang nagpalawak at nagpalala sa umiiral na krisis sapagkat hindi nilulutas ng mga ito ang ugat ng problema. Sa ilalim ng kapitalismo, maraming mamamayan ang dumaranas ng kahirapan habang payaman naman nang payaman ang pinakamayamang segment ng populasyon gaya ng pinatutunayan ng online database hinggil sa yaman at kahirapan ng World Bank. Sa kaso ng Pilipinas, humigit-kumulang 20-40 milyong Filipino ang maituturing na mahirap, sa kabila ng katotohanang may mga bilyonaryong Filipino ang nasa listahan ng pinakamayayaman sa buong daigdig na regular na inilalabas ng Forbes Magazine. Lagpas pa rito, hanggang ngayo'y bestseller ang halos 700-pahinang aklat ni Thomas Piketty tungkol sa malawak na agwat ng mayayaman at mahihirap sa buong mundo sa mga nakalipas na dekada, na pinamagatang *Le Capital au XXIe siècle (Kapital sa Ika-21 Siglo)*. Walang kapayapaan sa daigdig kung ang kapayapaan ay bibigyang-depinisyon bilang "pag-iral ng makatarungang sistemang panlipunan na nagbibigay-oportunidad sa bawat mamamayan na magkaroon ng buhay na ganap at kasiya-siya" at kung iilan lamang ang nakikinabang sa yaman ng lipunan. Impluwensiyado ng progresibong Kristiyanismo ang depinisyong ito ng may-akda. Ang pariralang "buhay na ganap at kasiya-siya" ay madalas na mababasa sa mga salin ng encyclical ng mga Santo Papa ng Simbahang Katoliko, at sa iba pang mga opisyal na dokumento nito. Ang mga encyclical ay mga detalyadong pagpapaliwanag ng Santo Papa sa kahalagahan ng ugnayan ng buhay-Kristiyano at buhay-lipunan ng mga kasapi ng Simbahan. Progresibo ang pananaw ng maraming encyclical sa mga nagbabagang usaping gaya ng kahirapan, karapatan ng mga manggagawa at iba pa. Pagtatangka ito ng Simbahan na makatugon sa hamon na tulungan ang mga mamamayan na magkaroon ng buhay na ganap at kasiya-siya sa lupa upang sila'y maging mga produktibong bahagi ng lipunan na tumutulong sa paglikha ng Kaharian ng makatarungang Diyos sa lupa, habang inaasam ang Kaharian Niya sa langit. Gaya ni Freire (37), hangad din ng artikulong ito na magkaroon ng "diyalogo" (sa halip na dogmatismo) ng mga mamamayang naghahangad ng malawakan at makabuluhang positibong pagbabago sa lipunan, sa kabila ng kanilang pagkakaiba-iba sa ideolohiya.

**NARATIBO NG KAHIRAPAN SA PANAHON NG KAPITALISMO: MALIGALIG NA LIPUNANG WALANG KAPAYAPAAN**

Ayon sa mga radikal na intelektuwal gaya nina Chomsky, Bello (sa *Capitalism's Last Stand?:Deglobalization in the Age of Austerity*), Zabala, Žižek (sa *Living in The End Times*), Eagleton, Sison at iba pa, kapitalismo ang salarin sa umiiral na krisis, kaya't ang pagwawakas lamang ng kapitalismo at pagsilang ng isang bagong sistemang panlipunan ang lulutas sa krisis. Ayon kay Eagleton (7):

> "On a global scale, capital was more concentrated and predatory than ever, and the working class had actually increased in size. It was becoming possible to imagine a future in which the megarich took shelter in their armed and gated communities, while a billion or so slum dwellers were encircled in their fetid hovels by watchtowers and barbed wire."

Ang gayong patuloy na walang rendang akumulasyon at konsentrasyon ng yaman sa iilang pamilya at korporasyon ay lalong nagpatindi sa tunggalian ng mga uri sa lipunan, at nagpapalala pa sa pagkawasak ng kalikasan sa ngalan ng pagyaman ng iilan, gaya ng pagsusuma ni Zabala: "The global levels of political, economic and social inequality we are going to reach this year because of capitalism's logics of production not only are alarming, but also threaten our existence." Pinag-ugnay rin ni Chomsky ang krisis sa ekonomiya at krisis sa kapaligiran:

> "The official doctrines suffer from a number of familiar "market inefficiencies," among them the failure to take into account the effects on others in market transactions. The consequences of these "externalities" can be substantial. The current financial crisis is an illustration. It is partly traceable to the major banks and investment firms' ignoring "systemic risk" – the possibility that the whole system would collapse – when they undertook risky transactions. Environmental catastrophe is far more serious: The externality that is being ignored is the fate of the species. And there is nowhere to run, cap in hand, for a bailout...the U.S. and Canada are seeking to burn fossil fuels...while they hail the wonders of a century of (largely meaningless) energy independence without a side glance at what the world might look like after this extravagant commitment to self-destruction."

Ang kalunus-lunos na sitwasyon ng Gresya – na lalong sumadsad ang ekonomiya mula noong 2008 pagkatapos na sundin nito ang mga preskripsiyon ng mga kapitalistang institusyong tulad ng European Union, International Monetary Fund (IMF) at European Central Bank: pagtitipid sa serbisyong panlipunan, pribatisasyon ng pag-aari ng Estado, at pagbabawas ng suweldo ng mga manggagawa–ay siyang hinaharap ng nakararaming bansa kung magpapatuloy ang bulag na pagyakap ng madla sa bangkaroteng ideolohiyang tubo at salapi ang panginoon. Ibinuod ni Sison ("Marxian Critique of the Neoliberal Economic Agenda") ang puno't dulo ng gayong krisis ng kapitalismo:

> "The drive of the capitalists to maximize profits by enlarging constant capital and pushing down wages is that it results in the crisis of relative overproduction. It becomes more difficult for workers to buy what they produce as the capitalist profit rises and their real purchasing power declines. The rising ratio of constant capital to variable capital also results in the tendency of the profit rate to fall."

Maging ang mga relihiyoso ay nagpapahayag na rin ng mariing pagpuna sa mga kontemporaryong inhustisyang dulot ng naghaharing sistemang kapitalista, gaya ng nilalaman ng kauna-unahang ekshortasyong apostoliko ni Pope Francis, lider ng Simbahang Romano Katoliko, na pinamagatang *Evangelii Gaudium*. Sa nasabing dokumento, inilarawan ni Pope Francis ang sistemang kapitalista at inilantad ang kasamaan nito:

> "Habang ang kita ng isang minorya ay palaki nang palaki, palawak naman nang palawak ang agwat ng mayorya at iilang maligaya na namumuhay sa karangyaan. Ang kawalang-balanse na ito ay resulta ng mga ideolohiyang nagdedepensa sa absolutong awtonomiya ng merkado at ispekulasyong pinansyal...Ang kahayukan sa kapangyarihan at pag-aari ay walang limitasyon. Sa sistemang ito…anumang mahina, gaya ng kalikasan, ay walang laban sa interes ng merkadong dinidiyos..."

Sa gitna ng malawakang kritisismo sa kapitalismo, lalong nagiging interesante ang ideolohiyang kabaligtaran nito.

## SOSYALISMO: ISANG DEPINISYON

Sosyalismo ang ideolohiyang direktang kabaligtaran ng kapitalismo kaya malaki ang pangangailangan na suriin ito bilang alternatibo sa kapitalismo. Nagbigay ng malinaw na depinisyon ng sosyalismo si Hernandez (133) sa nobelang *Mga Ibong Mandaragit*: "Ang sosyalismo'y ang pagmamay-ari ng bayan o estado sa mga kasangkapan sa produksiyon, at ng produksiyon din naman, upang gamitin at iukol sa kapakanan ng sambayanan." Mas magiging malinaw ang direktang pagbabanggaan ng kapitalismo at sosyalismo kung susuriin ang paliwanag ni Karl Marx (ch. 13) tungkol sa sistemang kapitalista: "The directing motive, the end and aim of capitalist production, is to extract the greatest possible amount of surplus-value, and consequently to exploit labour-power to the greatest possible extent." Tila buod ng Das Kapital ni Marx ang paglalarawan sa nobela ni Hernandez (133) sa sitwasyon ng Pilipinas noon na halos di pa rin nagbabago ngayon: "Sa kalagayang umiiral ngayon, hati ang sosyedad sa dalawang klase na magkasalungat ang interes: Ang unang klase'y nabubuhay at yumayaman sa pagmamay-ari ng mga kasangkapan sa produksiyon, tulad ng lupa, mina, pabrika, elektrisidad, transportasyon, mga sangkap na hilaw. Ito ang klase kapitalista. Ang ikalawa'y ang klase obrera. Ginagamit ng klase kapitalista ang klase obrera para manilbihan sa kaniya. Sa isang salita'y binibili ng kapitalista ang trabaho ng obrero sa murang halaga; binabayaran ng una ang huli hindi sa kabuuan ng nagawa o produksiyon

nito, kundi ang bahagi lamang ng panahong iginawa. Ang tubo sa produksiyo'y ibinubulsa ng kapitalista." Ang gayong pagsusuri ay alingawngaw rin ng *Manifesto of the Communist Party* (Marx at Engels ch. 1) hinggil sa mga tunggalian ng mga uring panlipunan:

> "The history of all hitherto existing society is the history of class struggles. Freeman and slave, patrician and plebeian, lord and serf, guild-master and journeyman, in a word, oppressor and oppressed, stood in constant opposition to one another, carried on an uninterrupted, now hidden, now open fight, a fight that each time ended, either in a revolutionary reconstitution of society at large, or in the common ruin of the contending classes."

Kung pasisimplehin, sa sosyalismo, ang tubo ng mga negosyo ay tinitipon at kontrolado ng komunidad, karaniwa'y sa pamamagitan ng gobyerno (na inaasahang nagsisilbi sa mga mamamayan), samantalang sa kapitalismo, ang tubo ng mga negosyo ay kinakamal at sinosolo ng mga kapitalista kaya't umiiral ang tunggalian sa pagitan ng uring manggagawa (na pinagsasamantalahan) at ng mga kapitalista (na nagsasamantala). Sa ilalim ng sosyalismo, ang mga negosyo at serbisyo publiko gaya ng edukasyon, pabahay, transportasyon at kalusugan ay pag-aari at kontrolado ng komunidad/gobyerno, habang sa ilalim ng kapitalismo, ang mga negosyo at serbisyo ay pag-aari at kontrolado ng iilang mayamang indibidwal, pamilya at/o mga pribadong korporasyon.

**BAKIT DAPAT MAGING INTERESADO SA SOSYALISMO ANG MGA FILIPINO?**

Bukod sa napatunayan nang kabiguan ng kapitalismo na resolbahin ang kahirapan ng nakararaming mamamayan, dapat bigyang-diin na ang sosyalismo lamang ang naghahapag ng malinaw na solusyon sa kasalukuyang krisis. Katunayan, sa Human Development Index – na sumasaklaw sa datos sa kita, antas ng edukasyon, at kalusugan ng mga mamamayan (United Nations Development Programme 22-25) – mas mataas kaysa Pilipinas ang ranggo ng mga bansang sosyalista gaya ng Cuba at Venezuela, o kaya'y mga bansang nagpapatupad ng mga sosyalista o sosyalistikong polisiya[2] gaya ng Norway, Sweden, Denmark, Finland, Pransya, United Kingdom, Ecuador, at Brunei.

Napatunayan na rin sa kasaysayan na nagawa ng mga dating sosyalistang bansa gaya ng Tsina at Unyong Sobyet (o Rusya sa karaniwang bokabularyo, bagamat, sa aktuwal ay bahagi lamang ng Unyong Sobyet ang Rusya) na ipatupad ang industriyalisasyon nang walang tulong mula sa mga mauunlad na bansa sa Kanluran, sa panahon ng sosyalismo, gaya ng pinatunayan ni Alejandro Lichauco sa kaniyang aklat na *Nationalist Economics*. Alinsunod sa kaniyang paliwanag, sa pamamagitan ng pagpapagana ng Estadong sosyalista sa mga organisadong pamayanan sa loob ng mga bansang sosyalista, mabilis na naisakatuparan ang industriyalisasyon mula sa modernisasyon ng agrikultura hanggang sa pagtatayo ng

mga modernong industriya para sa lokal na produktong pangkonsumo. Sa historikal at empirikal na pananaliksik ni Brandt, Ma, at Rawski (15), pinatunayan ang positibong ambag ng sosyalismo sa mabilis na industriyalisasyon ng Tsina: "After doubling between 1949 and 1952 with the revival of the economy, industrial output grew more than 11 per cent per annum between 1952 and 1978 (Table 1), while employment grew nearly ten-fold, from 5.3 million in 1952 to 53.3 million in 1978." Ang dibersidad ng ekonomiyang Tsino at dami ng mga ekspertong mananaliksik sa siyensiya at inhenyeriya ng Tsina sa kasalukuyan ay di maitatatwang pamana rin ng sosyalismo, sa konteksto ng nasabing pananaliksik (16):

> By the 1970s, Chinese manufacturing, no longer limited to the production of low-end, labour-intensive consumer products, spanned virtually the entire range of industrial activity, including sophisticated operations involving petroleum refining, nuclear weapons and earth satellites... Beyond the growth of output and extension of the product mix, socialist planning brought a vast expansion of industrial capabilities. The accumulation of production experience and the spread of mass education multiplied the stock of factory-level technical capabilities and human capital. In addition, the plan system underwrote a massive expansion of institutions, resources and personnel for high-level technical training and research efforts. Ministries and major SOEs[3] established networks of universities, technical schools and R&D facilities. By the late 1970s, there were over 700 R&D institutes with over 500,000 scientists and engineers, nearly as many as in the United States (Gu, 1999, pp. 56-58; Nolting and Feshbach, 1981, p. 44).

Samakatwid, gaya ng pinatunayan ng Tsina, ang sosyalismo ay may napakalaking potensyal sa pagsasabalikat ng industriyalisasyon sa mga bansang sagana sa likas na yaman at yamang tao, tulad ng Pilipinas. Gaya ng Tsina, mabilis ding natransporma ng sosyalismo ang Unyong Sobyet mula isang dambuhalang "bukirin" tungong "pabrika," sa pamamagitan ng mabilis na industriyalisasyon (Allen 17):

> "The tsars did not lay the groundwork for rapid, capitalist development. In the absence of the communist revolution and the Five-Year Plans, Russia would have remained as backward as much of Latin America or, indeed, South Asia. That fate was avoided by Stalin's economic institutions. They were a further installment of the use of state direction to cause growth in an economy that would have stagnated if left to its own devices."

Sa bilis ng industriyalisasyon ng Unyong Sobyet, naunahan pa nito ang Estados Unidos sa pagpapadala ng tao sa kalawakann (outer space) noong 1961.

Maaaring basahin ang aklat na *Why Marx Was Right* ni Eagleton para sa karagdagang detalye hinggil sa positibong track record ng sosyalismo sa iba't ibang bansa. Sa nasabing aklat ay idinepensa ang mga positibong pamana ng sosyalismo, lalo na sa Silangan at Kanlurang Europa[4]. Dahil sa magandang track record ng mga sosyalista sa industriyalisasyon, hindi

kataka-takang may partido sosyalista at/o komunista sa halos lahat ng bansa sa daigdig. May mga armadong kilusang komunista, sosyalista o sosyalistiko rin sa India, Nepal, Kurdistan, Mexico, at Colombia hanggang sa kasalukuyan.

Sa Pilipinas, nariyan ang bagong Partido Komunista ng Pilipinas o Communist Party of the Philippines na itinatag noong 1968. Noong dekada 30-40 ay namayagpag din sa malaking bahagi ng Gitnang Luzon ang Partido Sosyalista ng Pilipinas, kasabay ng lumang Partido Komunista ng Pilipinas. Mas maaga pa, noong dekada 30, sinuportahan naman ng mga sosyalista at komunista ang progresibong kandidaturang presidensiyal ni Obispo Gregorio Aglipay, ang pinuno ng Iglesia Filipina Independiente (IFI). Malaki rin ang posibilidad na maraming Katipunero at/o mga simpatisador ng Rebolusyon ng 1896 na pinamunuan ng Katipunan ang naging sosyalista at/o komunista sa mga unang dekada ng 1900s, kung susuriin ang kaligirang historikal ng pag-usbong ng sosyalismo/komunismo sa Pilipinas na inilahad sa aklat na *Komunista* ni Jim Richardson. Sa simpleng paliwanag ni Isabelo De Los Reyes (na kapanalig ng Katipunan sa paglaban sa kolonyalismong Espanyol, at nagtatag din ng kauna-unahang unyon ng mga manggagawa sa Pilipinas, ang Union Obrera Democratica/UOD) sa pahayagang "La Redención del obrero" hinggil sa sosyalismo ay madaling mauunawaan kung bakit mabilis na niyakap ito ng mga makabayan sa Pilipinas: "Ang kahulugan ng "socialista" ay kapisanan ng mga manggagawa [na siyang lalong malaki at laganap sa lahat ng bayan] na nagnanais na sa loob ng katowiran at mga kautusang nakatatag sa pamagitan ng paggawa, pagaaral at pagiimpok ay makamtan ng mga manggagawang silay bumahagi sa kapakinabangan ng mga hanapbuhay, sa pagkat kung hindi dahil sa kanilang pawis ay hindi susulong at lalago ang anomang pagawaan, kalakal at sampu ng bayan..." Inaalingawngaw ito ng Konstitusyon ng Pilipinas: "ARTIKULO XIII KATARUNGANG PANLIPUNAN AT MGA KARAPATANG PANTAO. SEKSYON. 1. Dapat pag-ukulan ng Kongreso ng pinakamataas na priyoridad ang pagsasabatas ng mga hakbangin na mangangalaga at magpapatingkad sa karapatan ng lahat ng mga mamamayan sa dignidad na pantao, magbabawas sa mga di pagkakapantay-pantay na panlipunan, pangkabuhayan at pampolitika, at papawi sa mga di pagkakapantay-pantay na pangkalinangan sa pamamagitan ng ekwitableng pagpapalaganap ng kayamanan at kapangyarihang pampolitika para sa kabutihan ng lahat. Tungo sa mga mithiing ito, dapat regulahin ng Estado ang pagtatamo, pagmamay-ari, paggamit, at paglilipat ng ari-arian at ng mga bunga nito...PAGGAWA. SEKSYON 3. Dapat magkaloob ang Estado ng lubos na proteksyon sa paggawa..." Mala-sosyalista rin, sa esensiya, ang pagkilala ng Konstitusyon ng Pilipinas "...sa karapatan ng paggawa sa karampatang kaparte nito sa mga bunga ng produksiyon..."

Lalong magiging interesante sa mga mamamayang Filipino ang ideya ng sosyalismo kapag isinaalang-alang ang mga repormang inihapag ng mga komunistang Filipino na kinakatawan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa gobyerno ng Republika ng Pilipinas,

sa usapang pangkapayapaan sa Roma, Italya noong Enero 2017, sa pamamagitan ng borador ng *Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms (CASER)*. Laman ng *CASER* ang mga komprehensibong reporma gaya ng "expropriation or confiscation of all agricultural lands and other agricultural means of production owned by landlords," "national industrialization by developing and acquiring the capacity to produce consumer, intermediate, and capital goods," "national minimum wage and salary that is indexed to the rising cost of living," "ending contractualization and ensuring full employment," "development, intellectualization and dissemination of the Filipino national language by more actively promoting its use in official communications, in teaching at all levels and in all fields of knowledge, and in mass media," bukod pa sa pagpapatupad ng patakarang walang demolisyon kung walang sapat na plano ng relokasyon, pagbibigay-priyoridad sa paglalaan ng pondo mula sa kaban ng bayan para sa libre o abot-kayang edukasyon at serbisyong pangkalusugan, pagbabawas ng buwis sa mga mahihirap na pamilya at small and medium enterprises (SMEs), at abolisyon ng value-added tax (VAT) at excise taxes sa mga pangunahing produkto at serbisyo na kinokonsumo/ tinatamasa ng mga ordinaryong mamamayan. Samakatwid, may malalim na ugat na ang konsepto ng sosyalismo sa kasaysayan ng bansa, bagamat hindi na ito gaanong napag-uusapan ngayon, kung paanong bihira ring mabanggit na sosyalista sina Albert Einstein, Hellen Keller, Noam Chomsky, Ernesto "Che" Guevara, George Orwell, Bertrand Russell, Pablo Picasso, Pablo Neruda, at Amado V. Hernandez.

Ang papel na ito'y ambag sa pangkalahatang pagsisikap na itaguyod ang sosyalismo bilang alternatibo sa kapitalismo, sa pamamagitan ng kontekstuwalisasyon ng sosyalistang programa sa nobelang *Mga Ibong Mandaragit* ni Amado V. Hernandez, isa sa mga Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan ng Pilipinas. Ito ang kauna-unahang pagtatangka na bigyang-diin at bigyang-pokus ang sosyalistang programa sa nasabing nobela sa pamamagitan ng pagbasa rito bilang tekstong ekonomiko. Kahawig nito ang pag-aaral ni Tablan hinggil sa "kaisipang sosyalismo" sa mga akda ni Hernandez. Hindi saklaw ng pag-aaral ni Tablan ang nobelang Mga Ibong Mandaragit kaya mainam na sipatin ang sosyalistang programa nito. Limitado ang pag-aaral ni Tablan (32) sa pagturing sa sosyalismo ni Hernandez bilang diumano'y "...isang Pilipinismo. Hindi ito isang kaisipang hilaw na hinango sa mga banyaga, hindi likhang isip o kopya sa anumang aklat, ito ay bunga ng kanyang sariling karanasan o lived experience bilang isang manunulat na may mulat na kaisipan at nakikiisa sa laban ng kanyang kababayan upang magkaroon ng tunay na katarungang panlipunan. Sa kadahilanang ito, ang sosyalismo ni Hernandez ay orihinal at personal, hindi sapat na ihanay lamang siya sa mga manunulat na makakaliwa tulad nina Mao, Lenin, o Marx sapagkat iba ang kanilang buhay-karanasan," habang sa papel naman na ito ay bibigyang-diin na ang sosyalismo ni Hernandez sa *Mga Ibong Mandaragit* – bagamat produkto ng kaniyang mayamang karanasan bilang manunulat, politiko, unyonista at bilanggong politikal – ay nakabatay rin sa mga akdang klasikong sosyalista na lalong nagpayaman at nagpatibay pa sa panulat niya.

Bukod dito, hangad itaguyod ng mananaliksik ang sosyalismo bilang posibleng tuntungan ng mga usapang pangkapayapaan sa bansa, lalo pa at ang natitirang pinakamalaking grupong rebelde sa bansa, ang Communist Party of the Philippines-New People's Army-National Democratic Front of the Philippines (CPP-NPA-NDFP) ay malinaw na tumatangan sa mga prinsipyong sosyalista. Kung gayon, ang kontekstuwalisasyon ng sosyalistang programa sa Mga Ibong Mandaragit ay makatutulong din sa pag-unawa ng mga mamamayan sa pangkalahatang prinsipyo ng isang malaking rebeldeng grupo sa bansa na mahigit 40 taon na ring umiiral at kung gayo'y nangangailangan na talaga ng matamang atensiyon, tungo sa pagkamit ng tunay na kaunlaran para sa lahat ng mamamayan.

## RASYONALE NG PAGPILI KAY KA AMADO V. HERNANDEZ AT SA MGA IBONG MANDARAGIT

Makulay ang buhay ni Ka Amado (1903-1970). Isa siyang gerilyang anti-Hapones noong World War II; sosyalista; dating konsehal ng Maynila; premyadong manunulat; "Makata ng Mga Manggagawa"; lider ng Congress of Labor Organizations (CLO), ang pinamalaking organisasyon ng mga manggagawa noon; nakulong dahil sa maling bintang na "rebellion complex" (1951-1956) bilang diumano'y kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at napawalang-sala rin naman; at isa sa dalawang unang idineklarang Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan noong 1973. Habambuhay na sosyalista si Ka Amado, gaya ng pinatutunayan ng kaniyang mahabang rekord bilang organisador at opisyal ng mga unyon at manunulat na tahas na naninindigan laban sa kapitalismo at para sa sosyalismo (gaya ng sinasalamin ng *Mga Ibong Mandaragit*). Bukod dito, masugid ding tagapagtaguyod ng wikang pambansa at pambansang kalayaan si Ka Amado, gaya ng pinatutunayan ng kaniyang mahusay na paggamit nito sa kaniyang panulat (panitikan man o pahayagan), at sa pagsulat din ng mga tulang tahas na nagtatanggol sa sariling wika gaya ng "Inang Wika" at pambansang kalayaan gaya ng "Kung Tuyo na ang Luha Mo, Aking Bayan." Para sa detalye hinggil sa buhay at lipunang ginalawan ni Ka Amado, magandang basahin ang aklat na Ka Amado ni Jun Cruz Reyes.

Isinulat ni Ka Amado ang borador ng balangkas ng nobelang Mga Ibong Mandaragit habang siya ay nakabilanggo, at isinerye ito sa isang popular na magasin, hanggang sa muling ilimbag nang siya'y mapawalang-sala at tuluyang makalaya. Naisalin na ito sa Ingles ni Estelita C. Pangilinan at sa Rusonina Sergei P. Ignashev at Vladimir Afanas evich Makarenko. Ang nobelang ito'y lohikal na pagpapatuloy ng El Filibusterismo ni Jose Rizal kaya hindi kataka-takang required reading na ito sa ilang hayskul sa Pilipinas. Umikot ang nobela sa mga pakikibaka ng mga manggagawa at magsasaka sa panahon ng diumano'y "kalayaan" ng Pilipinas pagkatapos ng World War II. Sa tulong ng isang matandang rebolusyonaryong beterano ng Rebolusyon ng 1896 na si Tata Matyas, narekober ni Mando Plaridel, isang gerilyang anti-Hapones, ang kayamanan ni Simoun na itinapon sa dagat ni

Padre Florentino. Ginamit niya ang kayamanan upang itayo ang progresibong diyaryong Kampilan na nagsiwalat ng katiwalian ng mga nasa gobyerno at nagtaguyod sa mga pakikibaka ng mga ordinaryong mamamayan. Isa sa mga pangunahing karakter sa nobela si Dr. Sabio, isang propesor at abogado na tumalakay sa sosyalismo sa malaking bahagi ng nobela. Dahil na rin sa mga pahayag ni Dr. Sabio, maaaring sabihing ang *Mga Ibong Mandaragit* ang isa sa pinakapopular na nobela sa Pilipinas na direktang nagpapaliwanag sa konsepto ng sosyalismo. Mas madaling basahin din ang *Mga Ibong Mandaragit* kaysa sa Banaag at Sikat ni Lope K. Santos, na tumatalakay rin sa sosyalismo.

Ang programang sosyalista sa Mga Ibong Mandaragit ay sumasaklaw sa larangan ng edukasyon, ekonomiya, at politika. Batay sa pagpapakilala ng nobela (112) kay Dr. Sabio, impluwensiyado ng mga kaisipang mula sa Scandinavia at Silangang Europa ang programang sosyalista sa Mga Ibong Mandaragit. Malinaw rin na may sapat na kaalaman si Hernandez sa mga kaisipan ng "Ama ng Komunismo" na si Karl Marx, batay na rin sa pagbanggit niya sa Das Kapital at Communist Manifesto, bukod pa sa mga pahayag ni Dr. Sabio at ng iba pang tauhan (133-136) na tumatalakay sa mga konseptong Marxista gaya ng pagsasamantala o exploitation at tubong piniga sa mga manggagawa o surplus value. Ilalahad at ipaliliwanag sa papel na ito ang buod ng programang sosyalista sa *Mga Ibong Mandaragit*, gamit ang mga datos at halimbawang makabuluhan sa kasalukuyang sitwasyon ng Pilipinas at/o ng daigdig.

## PROGRAMANG SOSYALISTA SA EDUKASYON

Plano ni Dr. Sabio na itayo ang Freedom University (115) na magsisilbing "...pandayan at palihan ng mga kabataang makabansa, na magiging makabuluhang sangkap sa iba-ibang larangan, at sa kanila magmumula ang mga magiging karapat-dapat na lider sa gobyerno, sa sosyolohiya, kultura, ekonomya, siyensiya natural at siyensiya politika." Kapansin-pansin ang pagbibigay-diin ni Dr. Sabio sa pagiging "makabansa" ng mga kabataang huhubugin ng Freedom University. Sa kabuuan ng nobela, ang pagiging "makabansa" ay inilalarawan ng pag-aambag ng kasanayan, talino, at talento para sa pag-unlad ng bansa. Sa ganitong konteksto, huwaran ang mga lingkod-bayan gaya ni Senador Maliwanag na ayon sa nobela'y wikang pambansa ang ginagamit sa kaniyang mga talumpati sa Senado, at bukod dito'y malinaw na nagpapakita ng malasakit sa mga isyung pambayan tulad ng paglutas sa kahirapan at pagpapalakas ng mga industriyang lokal.

Bukod sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga kabataang estudyante, layunin din ng Freedom University na tulungan ang mga magsasaka sa pagpapabuti ng ani at pagpapabuti ng kanilang sitwasyon (144) sa pamamagitan ng paglalapat ng kasanayan ng mga estudyante sa hacienda na balak bilhin ng unibersidad. Samakatwid, isang edukasyong mag-aambag sa pambansang kaunlaran ang hangad na itayo nina Dr. Sabio,

isang sistemang pang-edukasyong nakaugat sa pangangailangan ng sambayanan sa halip na kapritso ng mga dayuhan, nakakiling sa kapakanan ng komunidad sa halip na mga korporasyon, nakaangkla sa kapakanan ng nakararami sa halip na iilan, nakabatay sa paghahangad na maghatid ng serbisyo sa halip na magkamal ng tubo. Malayong-malayo ito sa kasalukuyang sistemang pang-edukasyon ng Pilipinas – ang K to 12 – na nakatuon lamang sa bulag na pagsunod sa global na pamantayan at mga pangangailangan ng mayayaman at/o industriyalisadong bansa na destinasyon ng Overseas Filipino Workers (OFWs) at pinagmumulan ng mga trabaho sa sektor ng outsourcing (San Juan, 80-87).

Ayon kay Mando Plaridel (118), ang sistemang pang-edukasyon na itinataguyod ni Dr. Sabio ay "...siyentipiko, ang gustong sabihi'y itatakwil ang mga pamahiin at isipang reaksiyonaryo; makabansa, alalaong baga'y ipagpapauna ang mga kapakanan ng bayan at bansa – ang nasyonalismo. Halimbawa, sa pagtuturo ng istorya ng Pilipinas e di sasabihing si Magallanes ang nakatuklas sa ating Kapuluan, manapa'y siya ang unang puti na dito'y nakarating." Samakatwid, tiyak na itatakwil din ni Ka Amado ang pagbura ng K to 12 sa asignaturang Kasaysayan ng Pilipinas, at pangungunahan pa niya marahil ang pakikibaka upang maibalik at mapatalas pa nga ang pagtuturo nito sa mga kabataan. Idinagdag pa ni Mando Plaridel na ang pangarap nilang sistemang pang-edukasyon ay "...panlahat, samakatwid e di pang-ilan lang o sa mga estudyanteng mi kayang gumugol. Magkakaloob sila ng lalong maraming scholarship sa mga mi sadyang talino, pero magiging makipot ang pinto sa puno ng pilak ang bulsa'y hungkag ang ulo." Batay rito, tila may tuition fee pa rin sa Freedom University ni Dr. Sabio ngunit titiyakin nila sa pamamagitan ng scholarships na ang mga mahihirap na estudyante ay makakapag-aral din. Gayunman, kung babalikan ang impluwensiyang Scandinavian kay Hernandez (112), maaaring sabihing libre at pampubliko ang Freedom University sapagkat sa mga bansang Scandinavian, libre rin ang edukasyon sa lahat ng antas. Katunayan, sa Scandinavia, ang mga estudyante ng PhD ay may sweldong katumbas ng humigit-kumulang 150,000 hanggang 200,000 piso kada buwan batay sa anunsyo ng mga publikong unibersidad doon, bukod pa sa pagiging libre ng kanilang pag-aaral. Sa Cuba at Venezuela – dalawang bansang kapwa nagsasabing sila'y sosyalista – libre rin ang edukasyon sa lahat ng antas. Bukod sa mga bansang ito, libre rin hanggang kolehiyo ang edukasyon sa sumusunod na bansa, ayon sa dokumentaryong *Where To Invade Next* ni Michael Moore: Argentina, Austria, Brazil, Czech Republic, Denmark, Ecuador, Finland, France, Germany, Iceland, Ireland, Luxembourg, Mexico, Morocco, Norway, Panama, Slovenia, Sweden, Tunisia, at Uruguay. Ang libreng edukasyon ay huli sa 10 espesipikong preskripsiyon ng *Manifesto of the Communist Party* nina Marx at Engels (ch. 2), at nasa Part IV, Article XII, Section 2 ng CASER na inihanda ng NDFP (51), habang malapit-lapit na rin sa layuning ito ang numero 9 sa "12 Points of the National Democratic Front (NDF) Program" ng mga komunistang Filipino, na nagsasaad ng ganitong probisyon: "Education, being the primary responsibility of the state, shall be accessible to all Filipinos. Free education shall be ensured at the primary and secondary levels, while appropriate subsidies for tertiary education shall be provided."

Sa kaso ng Cuba, ang pagiging libre ng edukasyon ay may katapat na kontratang panlipunan: kahandaang maglingkod, kailanma't kailanganin sa ibang bansang mahirap – halimbawa'y kung may epidemya sa Mozambique, o kaya'y lumindol sa Nepal – maaari silang ipadala ng gobyernong Cubano sa mga bansang iyon bilang ekspertong doktor, inhenyero at iba pa. Sa kasalukuyan, may mahigit 50,000 Cubanong propesyonal sa sektor ng kalusugan ang nagtatrabaho sa 67 bansa na mas marami pa sa mga propesyonal na nagtatrabaho sa Médecins Sans Frontières (MSF), Red Cross at UNICEF (González et al., 1). Samakatwid, ang bayan ng mga sosyalista'y hindi lamang ang kanilang bansang sinilangan kundi pati ang buong daigdig ng sangkatauhan din. Ang internal na bisa ng sosyalistang programa sa edukasyon ay matagal na ring napatunayan sa tagumpay ng Cuba na dokumentado sa mga empirikal na pag-aaral gaya ng kay Gasperini (1):

> "The record of Cuban education is outstanding: universal school enrollment and attendance; nearly universal adult literacy; proportional female representation at all levels, including higher education; a strong scientific training base, particularly in chemistry and medicine; consistent pedagogical quality across widely dispersed classrooms; equality of basic educational opportunity, even in impoverished areas, both rural and urban. In a recent regional study of Latin America and the Caribbean, Cuba ranked first in math and science achievement,' at all grade levels, among both males and females. In many ways, Cuba's schools are the equals of schools in OECD countries, despite the fact that Cuba's economy is that of a developing country."

Sa pamamagitan ng sosyalistang sistemang pang-edukasyon, nakapagpapatapos ng sapat na propesyonal sa mahahalagang sektor ang Cuba. Halimbawa, batay sa datos ng World Bank, ang Cuba ay may 6 na doktor sa bawat 1,000 mamamayan noong 2004 at 7 sa bawat 1,000 mamamayan noong 2010 habang ang Pilipinas ay mayroon lamang 1 sa bawat 1,000 mamamayan noong 2004. Hindi kataka-taka na sa buong mundo'y kinikilala rin ang mahusay at mabisang libreng serbisyong pangkalusugan ng Cuba. Ayon kay Lamrani, "With a life expectancy of 78 years, Cuba is one of the best performers on the American continent and in the Third World, achieving results similar to those of most developed nations. On the average, Cubans live 30 years longer than their Haitian neighbors." Noong 2014, 79 na ang life expectancy sa Cuba (gaya rin sa Estados Unidos) habang 68 naman ang sa Pilipinas, batay sa datos ng World Bank. Dapat bigyang-diin na ang benepisyo ng sosyalistang edukasyon sa Cuba ay pinakikinabangan din ng humigit-kumulang 13,000 estudyante mula sa ibang bansang Third World na libreng nakapag-aaral ng kursong medisina sa Escuela Latinoamericana de Medicina/ELAM, ayon sa ulat ni Diaz. Karamihan sa mga graduate ng ELAM ay bumabalik sa kanilang mga bansang sinilangan upang maglingkod sa kanilang mga kababayan, kaya't pinakikinabangan din ng halos buong mundo ang sosyalismo sa Cuba.

**PROGRAMANG SOSYALISTA SA EKONOMIYA**

Anim na elemento naman ang bumubuo sa programang sosyalista sa ekonomiya ng Mga Ibong Mandaragit: lupa para sa nagbubungkal; industriyalisasyong pinamumunuan ng gobyerno at nakabatay sa pangangailangan ng bansa; kooperatibisasyon ng hacienda at industriya; proteksiyonismo o ekonomikong nasyonalismo; planadong ekonomiya; at mahigpit na ugnayan ng mga paaralan at ng mga *hacienda* at industriya. Tungkol sa lupa, kooperatibisasyon, at planadong ekonomiya, binigyang-diin ni Dr. Sabio (132-133) na:

> "Ang bumubungkal at gumagawa sa lupa'y siyang dapat na maging may-ari. O siyang higit ang bahagi sa mga ani ng lupa. Hindi na sa isahan o hiwalay na parsela, paris ng karaniwang umiiral sa ating mga probinsiyang magsasaka, kundi sa pamamagitan ng kooperatiba. Ang kooperatiba'y isang klase ng samahan na sosyo ang lahat ng naniniraha't gumagawa sa isang bukirin. Ang samahan ang tutustos sa mga gastos, pero ang lahat ng ani't pakinabang e para sa mga kasama, pare-pareho, at walang asenderong lalagom. Ang bodega'y pag-aari ng samahan, na binubuo ng lahat ng dating kasama, at hindi ng nag-iisang asendero o ng kanyang pamilya...Ang kooperatibang itatayo'y siyang magpapalakad ng asyenda...Di lang dito sa kabukiran, kundi dapat ding pairalin sa ilan sa ating malalaking industriya. Baguhin ang lumang sistema. Mag-ani at yumari para tustusan ang pangangailangan ng lahat; sa halip na mag-ani't yumari para sa pagyaman ng iilan."

Kaugnay nito, ipinaliwanag ni Sison (*Continuing the Struggle for National & Social Liberation* 119) ang relasyon ng reporma sa lupa at kooperatibisasyon: "Fragmentation of land ownership in land reform does not detract from large-scale production. There should be cooperativization in stages for the purpose of raising efficiency in production, marketing and the like."

Sa kasalukuyan, ang kooperatibisasyon ng hacienda ay planong ipatupad ng ilang grupo ng magsasaka sa Hacienda Luisita. Sa Venezuela ay kasalukuyang ipinatutupad din ng gobyerno ang pagkakaroon ng mga comuna o commune sa sektor ng agrikultura upang mapataas ang produksiyon ng pagkain. Sa ilalim ng ganitong sistema, ang mga hacienda ay kontrolado ng mga kooperatiba ng mga magsasakang nagsisilbing kasapi/kamay-ari ng mga ito. Bawat isa ay tutulong sa paglinang ng lupa at pagtatanim, habang ang gobyerno nama'y nagbibigay ng ayuda sa porma ng subsidyo para sa pataba at modernong makinarya, hanggang sa pagtatayo ng mga pasilidad sa pag-iimbak at/o pagpoproseso ng ani, gaya ng paliwanag ni Sison (*Continuing the Struggle*... 119): "Integral to the program of land distribution should be provisions for low-interest credit, technical assistance, irrigation and other agricultural facilities, organic and chemical fertilizers, low-priced farm equipment, feeder roads and the like. Peasant associations and cooperatives can help themselves and at the same time receive appropriate assistance from the state."

Mula kay Rizal sa *El Filibusterismo* hanggang kina Amado V. Hernandez sa *Mga Ibong Mandaragit* at Rogelio Sicat sa Tata Selo ay naging pangunahing paksa ng mga obra maestra sa panitikang Filipino ang magsasakang inagawan ng lupa, ang magsasakang alipin ng asendero, ang magsasakang simbolo ng karukhaan at pagkaalipin ng sambayanang Filipino. Pagpapatunay ito ng malalang suliraning panlipunan ito na nangangailangan ng agad na resolusyon. Malaking bahagi ng mga rebeldeng komunista sa ilalim ng Communist Party of the Philippines-New People's Army (CPP-NPA) ay mga magsasakang naaakit sa programa ng nasabing grupo na libreng lupa para sa mga magsasaka na isinasaad sa "12-point Program" ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP), ang nagsisilbing pantapat ng CPP-NPA sa gobyernong sentral ng Republika ng Pilipinas sa mga negosasyon. Ayon sa NDFP, bukas ito sa pagpirma ng mga kasunduang nakatuon sa mga repormang sosyo-ekonomiko, kabilang na ang reporma sa lupa, gaya ng isinasaad sa panukala nitong Concise Agreement for an Immediate Just Peace (CAIJP) noong 2005, gayundin sa borador ng *CASER* na inilabas noong 2017. Samakatwid, magdudulot din ng agad na kapayapaan ang implementasyon ng tunay na reporma sa lupa. Gaya ng panukala ni Dr. Sabio sa *Mga Ibong Mandaragit,* dapat isailalim sa reporma sa lupa ang lahat ng mga hacienda sa Pilipinas sa pamamagitan ng libreng pamamahagi o distribusyon ng mga parsela sa mga magsasakang walang sariling lupa. Mahina ang mga lumang programa sa reporma sa lupa ng gobyerno gaya ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) at ang Comprehensive Agrarian Reform Program Extension With Reforms (CARPER) dahil hindi nito saklaw ang lahat ng lupa sa Pilipinas. Gayundin, walang malinaw na mekanismong pansuporta para sa mga magsasaka ang CARP at CARPER pagkatapos na maibenta sa kanila ang lupa. Batay sa karanasan, maraming magsasaka ang napilitang muling ibenta ang kanilang lupa sa ilalim ng CARPER, dahil sa kawalan ng sapat na ayuda ng gobyerno pagkatapos ng unang yugto ng reporma sa lupa. Isinusulong naman ng ibang pangkat ng magsasaka ang alternatibong Genuine Agrarian Reform Bill (GARB) na higit na malapit sa pangarap ni Ka Amado sa *Mga Ibong Mandaragit*. Sa ilalim ng GARB at gayundin sa CASER ng NDFP (Part III.A., Article I, 10-11), libreng ipamamahagi ng gobyerno ang mga parsela ng hacienda sa mga magsasaka, at tutulungan silang bungkalin iyon, kagaya ng pag-ayuda ng sosyalistang gobyerno ng Venezuela sa mga kampesinong Venezolano.

Upang maging epektibo ang pagpapatakbo ng mga lupang isinailalim sa reporma, dapat tulungan ang mga magsasaka sa pagtatayo ng mga kooperatiba na magiging kapalit sa mga lumang management board ng mga hacienda. Mahalaga sa prosesong ito ang tulong-teknikal ng mga progresibong mananaliksik at estudyante na bihasa sa larangan ng agrikultura, ekonomiks, at akawnting, bagay na pinangarap din ni Dr. Sabio sa nobela (115, 118-120). Samakatwid, ang pagpapatibay ng wikang Filipino bilang wikang panturo sa iba't ibang larangan at aktibong paggamit nito sa mga pananaliksik ay direktang makapag-aambag sa prosesong ito. Alinsunod sa nilalaman ng diskurso ni Dr. Sabio, dapat bigyang-daan ng pamahalaan ang pagbuo ng mga kooperatiba ng magsasaka sa tulong ng mga

organisasyon ng mga magsasaka upang lalong maging produktibo ang pagbubungkal sa lupa. Ang mga kooperatiba ang magpapatibay sa pagkakaisa ng mga magsasaka tungo sa mabilis at mas episyenteng produksiyon, na higit pa sa produksiyong pinamahalaan ng mga management board na wala namang kongkretong kaalaman at direktang karanasan sa pagsasaka. Wala nang mas huhusay pa sa pamamahala ng mga sakahan kundi ang mga magsasaka mismo. Sa pamamagitan ng mga kooperatiba ay magiging mas maayos, episyente at mabilis din ang daloy ng tulong-pinansiyal ng pamahalaan sa mga magsasaka. Bukod pa rito, dapat bigyang-diin na sa Pilipinas, ang karamihan sa mga kooperatiba ay exempted sa pagbabayad ng buwis, alinsunod sa Artikulo 60 at 61 ng Batas Republika Blg. 9520, kaya't halos garantisado na ang malaking pinansiyal na pakinabang ng mga magsasakang bahagi ng mga kooperatiba.

Kahit sa mga industriya o pabrika ay napatunayan nang epektibo ang pagpapatakbo sa mga negosyo sa estilong kooperatiba: lahat ng manggagawa ay co-owner at co-manager, walang boss. Ipinakita ni Michael Moore sa pelikulang *Capitalism: A Love Story* ang mga matagumpay na industriya sa Amerika na pinatatakbo ng mga manggagawa. Mahalagang suriin din ang matagumpay na karanasan ng korporasyong Mondragon sa rehiyong Basque sa Espanya, na binubuo ng mga kooperatiba ng mga manggagawa, sa halip na mga kapitalistang kasosyo o shareholder. Humigit-kumulang 70,000 manggagawa ang nagtatrabaho sa Mondragon at karamihan sa kanila'y kamay-ari ng korporasyong ito na kinikilalang isa sa pinakamatatag at episyente sa pagtubo. Samakatwid, sa halip na mga kapitalista'y mga manggagawa mismo ang nakikinabang sa kanilang pinagpaguran. Ang konsistent na tagumpay ng kooperatibang Mondragon ay dokumentado sa pananaliksik ni Rolland (1-11) at sa pag-aaral ni Flecha at Santa Cruz (157-170). Balanseng inilahad naman ni Lebowitz ang limitasyon at potensyal ng mga kooperatiba sa pagtahak sa landas ng sosyalismo:

> Cooperative relations exist where workers are associated in particular enterprises in their mutual interest as producers. Both in the case where workers are the owners of the means of production or where the means of production are owned by the state and entrusted to the collective of workers, the inherent logic of the cooperative as a separate unit is the same: maximize the income per member of the cooperative... The cooperative retains the self-orientation of the capitalist firm and may function atomistically in the market in the same way as capitalist firms. Nevertheless the differences between cooperatives and capitalist firms are immense. In the cooperative, workers do not surrender their ability to work or their right to determine how they will produce or their claim over what they produce. Rather, they combine or pool their capacities in their common interest and, instead of keeping their tacit knowledge to themselves and finding ways to minimize their work, the logic of the cooperative leads them to share their knowledge and their ability because they are the beneficiaries. Precisely because of this collective interest and this conscious combination of activity, cooperatives build solidarity within the specific group and teach a lesson about the benefits of cooperation...The transformation of cooperatives concerns not only

> those where the means of production are owned by a group of workers but also the case of state-owned enterprises which are self-managed and enterprises which are a combination of state and group ownership. Despite the difference in property ownership, common to all is that the prevailing logic is to maximize income per worker within the group. Besides this group self-interest, however, this institution contains the essential ideas of cooperation and democracy—which are at the core of the new relations which must be built. The transition here, then, must take the form of encouraging the cooperative to move beyond its narrow self-orientation and to develop organic links to society. A first step would be to develop links between groups of workers, i.e., members of differing cooperatives. With the establishment of a Council of Cooperatives in each community, it would be possible to explore the way in which these groups of workers could cooperate in activities rather than compete and, in general, to investigate ways in which cooperatives can integrate their activities directly without being separated by market transactions. Further, links could be established between the Councils of Cooperatives in each community and communal councils. With the support of the communal banks, the needs of local communities could be communicated to the organized cooperatives as a way of moving toward production for communal needs and purposes. The process of transforming the productive relations of cooperatives, thus, is one of guiding them step-by-step beyond their own narrow interests into a focus upon the needs of communities. In other words, cooperatives are at another threshold of socialism for the twenty-first century. Both the statist enterprise and the cooperative have in common that they are not capitalist enterprises; rather, they are part of the social economy, which can "walk on two legs" on a path toward socialist productive relations...

Sa konteksto ng Pilipinas, may sapat na positibong pagbabago na maaasahan mula sa kooperatibisasyon, kung isasaalang-alang ang 33 beses na pagbanggit ng *CASER* ng NDFP sa salitang "cooperative." Bahagi ng mga "outcome" na inaasahan sa Part II, Section 6 ng *CASER* (5) ang "(a)dequate employment and living incomes for all, including the promotion of cooperatives..." at sa Part III.A., Article VIII, Section 2 (28) naman ay inilalahad ang pagbubuo ng mga kooperatiba ng mga magsasaka at manggagawang bukid o farm workers kaugnay ng reporma sa lupa, na pinatitibay pa ng mga probisyon hinggil sa "peasant cooperatives," "cooperatives of farm workers," "fishing cooperatives," "cooperatives of semi-workers," at "community-based cooperatives" (12, 15-17, 26). Sa esensiya ay mga kooperatiba rin ang inaasahang magtataguyod ng industriyalisasyon sa mga komunidad, gaya ng binabanggit sa mga sumusunod na probisyon sa Part III.B., Article III, Section 8 at 10 ng *CASER* (28): "Workers' participation in running industry shall be further strengthened through encouragement of and incentives for collective ownership and control of enterprises... Community-based cooperatives...that support the program of industrialization and rural development...shall be encouraged."

Samantala, nagbigay rin ng detalye si Dr. Sabio (135) sa nobela tungkol sa planadong ekonomiya: "Ang pagkain, damit, gamot at iba pang pangunahing pangangailangan ay gagawin para magamit at matustusan ang mga tao, hindi para maging milyonaryo

ang sandakot na tuso. Magpapairal ng planning program (limang-taon, sampung-taong palatuntunan sa kabuhayan) upang harapin at regularisahin ang produksiyon ng mga bagay na lalong kinakailangan ng bayan. Sa ganya'y mapapawi ang anarkismo at monopolyo at kanibalismo ng mga industriya, sa sistema ng tinatawag na free enterprise, na ang produksiyo'y salig sa kung alin ang higit na pagtutubuan at hindi sa kung alin ang lalong kinakailangan at pinakikinabangan ng madla...Ang magiging tunay na tubo'y hindi ang salaping maiimbak sa supot ng mga suwapang o maidaragdag sa kanilang mga kasangkapan sa pagyari, kundi ang kaginhawan at kasaganaan muna ng mga consumer. Kasiyahan muna ng madla ang uunahing pagmalasakitan." Sa bahaging ito, inaalingawngaw ni Dr. Sabio ang panawagan ng mga sosyalista sa daigdig tungo sa mga industriyang nakatuon sa mga pangunahing pangangailangan ng mga mamamayan upang mapangalagaan ang kalikasan at matiyak na hindi masasayang ang mga produktong lilikhain. Sa paglala ng climate change na dulot ng walang habas na konsumerismo sa ilalim ng kapitalismo – gaya ng ipinakikita ng mapangwasak na pagmimina, pagsasayang ng tira-tirang pagkain, pagtatapon ng sobra-sobrang produktong di na mabili – nararapat lamang na bigyang-priyoridad ang pagbabagong-isip patungong planadong ekonomiya.

Hinggil sa industriyalisasyon, binigyang-diin ni Hernandez (139) na "...sa ilalim ng sosyalismo, lahat ng kasangkapan ng produksiyo'y pag-aari ng estado; ang estado'y siyang buong bayan at ang kanyang gobyerno." Samakatwid, malinaw na ang industriya ng automobile o kotse na ipinapanukala sa nobela (243), at maging ang transportasyon gaya ng tren at mga planta ng kuryente na makakalikasan na binanggit ng nobela (119) ay inaasahang kontrolado ng gobyerno at di ng mga korporasyong pribado. Sa kasamaang-palad, ang gayong pangarap ni Hernandez ay kabaligtaran ng realidad ngayon sa Pilipinas: isinapribado na ang LRT1, at isasapribado na rin ang MRT, habang matagal nang pribado ang sistema ng bus sa Metro Manila at sa mga probinsiya. Ang mga malalaking planta ng kuryente sa bansa, gayundin ang malaking porsiyento ng mga entidad ng serbisyong tubig inumin ay pawang pribado na rin. Samantala, wala pa ring sariling brand ng kotse ang Pilipinas dahil hindi pa rin sinusuportahan ng gobyerno ang mga gayong inisyatiba, di gaya ng pagsuporta ng gobyerno ng Malaysia sa pagdevelop ng kotseng Proton. Kapansin-pansin din ang Japan na bagamat walang yamang mineral na bakal ay kilala sa mga brand ng kotseng tulad ng Toyota, sapagkat nag-iimport ng materyales sa mga bansang gaya ng Pilipinas na nananatili namang tagaangkat na lamang ng mga kotseng dayuhan.

Ang industriyalisasyong pinamumunuan ng gobyerno at nakabatay sa pangangailangan ng bansa na adhikain ni Hernandez ay kahawig ng malawak na kontrol ng mga malasosyalistang bansang gaya ng Norway (na may pinakamataas na ranggo sa Human Development Index ng United Nations), at mga sosyalistang bansa gaya ng Cuba at Venezuela sa kanilang mga likas na yaman at industriya. Sa Norway, majority shareholder ang gobyerno sa pinakamalaking korporasyon ng petrolyo nila. Ayon sa pag-aaral ni Lie (904-930), sa Norway: "The state controls around 35 percent of the total values on the Oslo Stock

Exchange, and five of the seven largest listed companies are partially owned by the state, ranging from 34 to 64 percent." Ang malaking bahagi ng tubo ng gobyernong Norwegian mula sa industriyang petrolyo ay ginagamit nila para sa mga serbisyong panlipunan gaya ng libreng edukasyon sa lahat ng antas, at inilalagak sa Government Pension Fund Global (GPFG) na nakareserba para sa mga susunod na henerasyon ng Norway. Samantala, sa Cuba, halos ang buong ekonomiya ay kontrolado ng gobyerno, at sa Venezuela naman, malaking porsiyento ng mahahalagang industriya tulad ng petrolyo, ay kontrolado rin ng gobyerno. Ang kita mula sa mga industriyang kontrolado ng gobyerno ang siya ring pinanggagalingan ng pondo para sa libreng serbisyong pang-edukasyon, pangkalusugan at pabahay sa Cuba at Venezuela. Kombinasyon ng modelong Norwegian at ng modelong Cuba-Venezuela ang nilalaman ng Part III.B., Article III, Section 2 ng *CASER* (27): "The Parties recognize the importance of nationalization to build the strategic capacity of the state to direct the country's human and natural resource potential for the benefit of the majority of the people...Nationalized enterprises are generally 100% state-owned but in certain cases may have a minority private stake of up to a maximum of 40% such as when private capital, technology, expertise, and other contributions to national industrialization are needed." Sa kasunod na seksiyon ay itinakda rin ng *CASER* ang nasyonalisasyon ng mga sumusunod na industriya: "public utilities of power, water, sanitation, mass transport, telecommunications, and postal services," "wholesale and external trade," at "mining, quarrying and minerals processing," katulad ng panawagang "extension of factories and instruments of production owned by the State" at "centralisation of the means of communication and transport in the hands of the State" sa *Manifesto of the Communist Party* (Marx at Engels ch. 2).

Kailangang isulong ang pambansa (national) at makabansang (nationalist) industriyalisasyon o pagtatayo ng mga industriyang Filipino na lilikha ng mga trabaho para sa mga Filipino at magsusuplay ng mga pangangailangan ng bansa. Napakarami nang tomo ang naisulat ng mga makabayang akademista gaya nina Alejandro Lichauco (*Nationalist Economics*), Renato Constantino (*The Nationalist Alternative*), Padre Pedro Salgado, Lorenzo Tañada, Claro M. Recto, Edberto Villegas at iba pa hinggil sa pagsasakatuparan ng pambansa at makamasang industriyalisasyon. Naghihintay na lamang ang mga ito ng implementasyon, tulad din ng mga ideya ni Dr. Sabio sa *Mga Ibong Mandaragit*. Sa mga nangangailangan ng dayuhang mangungumbinsi, nariyan si Ha-Joon Chang na naglahad ng istorya ng mabilis na industriyalisasyon ng Timog Korea sa aklat na *Bad Samaritans: The Myth of Free Trade and The Secret History of Capitalism*. Ayon sa pananaliksik ni Chang, nakalaya sa kahirapan ang Timog Korea sa pamamagitan ng pagtahak sa halos nagsasariling ekonomiya na nakabatay sa paglinang ng sariling likas na yaman at sariling yamang tao.

Natural lamang na gobyerno ang magtaguyod ng prosesong ito dahil ang pribadong sektor o ang sektor ng mga malalaking negosyante ay may makasariling adyenda, samantalang ang gobyerno ay inaasahang magsusulong ng interes ng buong sambayanan. Binigyang-diin ni Lichauco sa kaniyang aklat na *Nationalist Economics* ang superyoridad

ng gobyerno bilang tagapagsulong ng industriyalisasyon: "Ang estado ang pinakamataas na pagpapahayag ng kolektibong personalidad ng sambayanan. Kung gayon, ito ang pinakamatibay na kinatawan ng kapangyarihang soberanya ng mga mamamayan, mula sa kapangyarihang mag-imprenta ng pera, hanggang sa kapangyarihang linangin at patakbuhin ang patrimonya ng bansa, at ang kapangyarihang pumasok sa produktibong negosyo…" Sa sitwasyon ng Pilipinas, ang ganitong tungkulin ng gobyerno ay nasa Artikulo XII, Seksyon 1 ng Konstitusyon ng bansa. Sa pananaw ng mga komunistang Filipino mismo, mahalaga ang sentralisadong pagpaplano ng ekonomiya sa pag-unlad ng bansa ngunit maisasabalikat lamang ito ng isang gobyernong hindi sunud-sunuran sa mga dayuhan at tunay na nakapokus sa kapakanan ng mga mamamayan, gaya ng nilinaw ni Sison (*Continuing the Struggle*...116):

> "The economic development of the Philippines is impossible without the assertion and exercise of the sovereign will of the Filipino people against the US and local exploiting classes. Every crucial measure to remove the semicolonial and semifeudal fetters on the forces of production involves thye exertion of that sovereign will. By economic development, we mean the planned and well-balanced development of industry and agriculture...Economic policy must no longer be dictated by the US agencies, transnational firms and banks or through such US-controlled multilateral agencies as the IMF and the World Bank; but must be decided by the Filipino people themselves through their patriotic leaders and economic policymakers and planners."

Binigyang-diin din ni Sison (*Continuing the Struggle*...120) ang kahalagahan ng sentralisadong pagpaplanong ekonomiko para maisakatuparan ang "rapid but well-proportioned and balance development from the backward economic and technological level of a semifeudal economy...There has to be a planned development of the economy in the various regions. No single region should continue to monopolize the bounty of industrial development."

Tungkol naman sa proteksiyonismo, ibinigay na halimbawa ng nobela (202) ang pagpapataw ng taripa (tariff) ng gobyernong Labour sa Britanya sa imported na sigarilyong mula sa Amerika upang maitindihan ng mga mambabasa kung bakit dapat maging nasyonalista ang patakaran sa ekonomiya. Ang pagpapataw ng taripa ang magtitiyak na hindi lalamuning buo ng kompetisyon ang mga lokal na industriya. Nagbibigay-proteksiyon ito sa mga lokal na industriyang nagsisimula pa lamang. Gaya ng pinatutunayan ng pagbagsak ng industriya ng sapatos sa Pilipinas (Scott, 76-99) at pagtamlay ng industriya ng gulay (Batt et al., 25), ang hindi pagpapataw ng taripa sa mga produktong may lokal na katumbas, ay tiyak na magdudulot ng pagkawasak ng ekonomiya ng bansa at malawakang tanggalan sa trabaho.


Sa pangkalahatan, hangad ni Hernandez at ng kaniyang mga kapwa sosyalista (296) na "...magkaron ng pagkakakitaan ang lahat ng ibig magtrabaho, paaralan sa mga ibig

matuto, ospital at gamot sa mga maysakit. Sa maikling salita'y patas na pagkakataon sa lahat." Sa kontemporaryong pahayag, hangad nila ang isang social welfare state: halos walang disempleyo (zero unemployment) at libre o abot-kaya ang mga serbisyo gaya ng edukasyon, kalusugan, at transportasyon. Ito ang pangarap din ng milyon-milyong mamamayan sa daigdig na nabubuhay nang maligalig dahil sa krisis na hanggang ngayo'y di malutas-lutas. Bukod sa perang "matitipid" o magiging "impok" o "savings" ng pamahalaan dahil sa pansamantalang hindi pagbabayad ng utang[5], at sa perang mababawi mula sa mga politiko at/o opisyal ng gobyerno na nangurakot/nagnakaw/nandambong sa kaban ng bayan, maaari ding gamitin ang pondo ng Social Security System (SSS), Government Service Insurance System (GSIS) at Pag-ibig Fund para sa pagtatayo ng mga industriya na makapagbibigay ng trabaho sa mga Filipino at para sa modernisasyon ng agrikultura. Mas mainam na sa pagpapaunlad ng bayan gamitin ang pera ng SSS, GSIS at Pag-ibig Fund kaysa gamiting puhunan sa stocks ng mga dayuhang korporasyon at mga pribadong kompanya sa Pilipinas dahil ang stock market ay laging apektado ng mga krisis at instabilidad ng merkado gaya nang sagad na pagsadsad ng mga stock market noong 2008 sa pagsambulat ng pandaigdigang krisis (Manda, 1-32; Chaudhury, 1-68). Gayundin, dapat bigyang-diin na may conflict of interest at posibleng korapsyon na kaugnay ng paggamit ng pondo ng SSS at iba pang pension fund para sa mga negosyong kapitalista, kaya mas makabubuting ihinto na ang paglalagak ng pondo ng bayan sa stock market. Ayon sa pananaliksik ni Maningat (2015), ang SSS ay nag-oopereyt na tila isang "...huge corporation investing reserve funds, which are workers' contributions, in enterprises that are explicitly linked to the business interests of SSS commissioners." Sa Estados Unidos, marami na ring ulat hinggil sa pagsadsad ng halaga ng pension fund ng mga manggagawa, bunsod ng krisis sa stock market (Johnson at Ricketts; Taibbi), bagay na maaaring mangyari din sa Pilipinas. Sa halip na simpleng pagbili ng sapi o shares sa stock market, higit na mainam na bilhin na ng gobyerno mismo ang mga mahahalagang industriya, upang makatiyak na ang tubo ng mga kompanya ay ganap na mapakikinabangan ng sambayanan. Ang paggamit ng pondo ng SSS, GSIS at Pag-ibig Fund para sa industriyalisasyon ng bansa ay kaugnay ng preskripsiyong "centralisation of credit in the hands of the state, by means of a national bank with State capital and an exclusive monopoly" sa *Manifesto of the Communist Party* (Marx at Engels ch. 2), sapagkat ang mga ahensiyang ito ay makapag-aambag ng kapital para sa gayong layunin. Nakaayon din sa preksripsiyong ito ang polisiyang reoryentasyon ng mga bangko at ahensiyang pinansiyal sa Pilipinas para sa pangangailangan ng bansa at ng mga mamamayan, na nasa Part V.B., Article I, Sections 3-7 (p.75) ng *CASER* na inihanda ng NDFP.

Sa pangkalahatan, ang paglikha ng sapat na trabaho sa arkipelago ay maisasakatuparan lamang sa pamamagitan ng implementasyon ng komprehensibong planong pang-ekonomiya na nakapokus sa pagsandig sa sarili – bagay na tinawag ni Amin na pagtatatag ng "autonomous national systems," na hindi na bulnerable at sa halip ay malaya na sa

kontrol ng mga imperyalista at nakaangkla sa mabilis na pag-unlad ng buong bansa (Sison, *Continuing the Struggle*...120), konseptong akmang-akma sa mga tinalakay na ideya mula sa *Mga Ibong Mandaragit*. Sa konteksto ng Pilipinas na isang arkipelagong sagana sa likas na yaman at yamang tao (human resources), maisasakatuparan ito sa pamamagitan ng dinamikong kombinasyon ng pambansa/makabansang industriyalisasyon, reporma sa lupa, at modernisasyon ng agrikultura na inilahad din ni Sison (*Continuing the Struggle*...119) at sa preskripsiyong "combination of agriculture with manufacturing industries; gradual abolition of all the distinction between town and country by a more equable distribution of the populace over the country" ng *Manifesto of the Communist Party*nina Marx at Engels (ch. 2) – mga progresibong polisiya na detalyado nang tinalakay ng napakaraming Filipinong mananaliksik at mga kilusang panlipunan at pinaksa rin ng *Mga Ibong Mandaragit*. Patatatagin ng reporma sa lupa ang kakayahang pinansiyal ng mga magsasaka sa bansa, bagay na makapag-aambag sa ekspansyon ng pamilihang lokal (domestic market) para sa mga produktong kinokonsumo ng mga Filipino at kakayaning isuplay ng mga industriya sa bansa.

Ang reporma sa lupa ay makapagbibigay ng kagyat na alternatibong trabaho sa mga manggagawa at mga propesyonal sa mga industriya at serbisyo na sa kasalukuyan ay bumubuo ng 16% at 55% ng mga manggagawa sa bansa, kumpara sa 29% ng mga manggagawang Filipino na nasa agrikultura batay sa datos ng Central Intelligence Agency/ CIA World Factbook. Kung susuriin ang ipinakikita ng Pigura 1, malaki pa ang potensyal na mapalawak ang sektor ng agrikultura – na sa kasalukuyan ay nakapag-aambag ng 12% hanggang 13% lamang sa GDP ng bansa – sa pamamagitan ng pagbibigay ng insentibo (tulad ng libreng lupa at pagsasanay na teknikal sa agrikultura) upang mahikayat ang marami-raming manggagawa sa sektor ng serbisyo na lumipat sa sektor ng agrikultura, lalo pa at sa kasalukuyan ay 57 na ang average na edad ng mga magsasaka sa bansa (Casauay). Kung gayon, ang reporma sa lupa at modernisasyon ng agrikultura ay magtitiyak din na may sapat na suplay ng pagkain ang bansa, palayo sa magastos at pana-panahong walang katiyakang importasyon bunsod na rin ng climate change na nakaapekto na rin sa ani ng mga bansang gaya ng Vietnam (Maresca) na pinag-aangkatan ng Pilipinas ng bigas (Reuters). Sa pamamagitan ng reporma sa lupa ay matitiyak din ang sapat na suplay ng hilaw na materyales para




Pigura Blg. 1. Ambag ng Agrikultura, Industriya at Serbisyo sa GDP ng Pilipinas (2002-2012). Source: World Bank, sinipi sa pananaliksik ng Danish Trade Union Council for International Development Cooperation (11).

sa ilang industriyang lokal. Samakatwid, komplementaryo sa industriyalisasyon ang reporma sa lupa.

Sa pamamagitan ng industriyalisasyon ay mabilis na malilikha ang mga modernong produkto at teknolohiyang kailangan ng mga magsasaka, mangingisda at iba pang mga mamamayan ng bansa para sa pagtatamasa ng buhay na ganap, komportable at kasiya-siya. Kaugnay ng industriyalisasyon, malinaw sa mga produktong ine-export at ini-import ng bansa na malaki ang potensyal/kakayahan at pangangailangan ng bansa sa pagtatayo ng mga industriya. Ayon sa Philippine Statistics Authority, nangunguna sa mga inaangkat ng Pilipinas ang "electronic products; mineral fuels, lubricants and related materials; transport equipment; industrial machinery and equipment; plastics in primary and non-primary forms; iron and steel; miscellaneous manufactured articles; and telecommunication equipment" habang ang "electronic products" (na karaniwa'y semiconductors – na mas akmang ikategoryang semi-manuplatura); "woodcrafts and furniture; other mineral products" (kalakha'y mineral na di pa napoproseso); "ignition wiring set and other wiring sets used in vehicles; articles of apparel; metal components; and coconut oil."

## PROGRAMANG SOSYALISTA SA POLITIKA

Sa larangan ng politika, binigyang-diin naman ni Hernandez ang kahalagahan ng papel ng mga manggagawa sa anumang pagtatangkang baguhin ang lipunan (332): "Alinmang kilusang pasulong e dapat suhayan ng lakas ng mga obrero upang magtagumpay." Sa kasaysayan ng Pilipinas at daigdig, napatunayan na ang mahalagang papel ng mga unyon sa pagbabagong panlipunan. Halimbawa, sa mga huling bahagi ng 1800s hanggang sa mga unang dekada ng 1900s, naipagtagumpay ng mga manggagawa ang panawagang maksimum na walong oras ng paggawa kada araw – na isang pag-igpaw sa lumang sistema ng lagpas sa walong oras na trabaho – dahil sa malawakang kampanya at pag-oorganisa ng mga unyon (Walters, at McInerney). Sa Pilipinas naman, isa sa pinakamalakas na puwersang nakapagpahina – kundi man nakapagpatalsik – sa diktadurang Marcos ang unyon ng mga manggagawa (West) na pawang nanguna sa mga matatagumpay na welgang-bayan (general strike). Sa kasamaang-palad, sa kasalukuyan ay tila mahina na ang unyonismo sa Pilipinas. Ang porsiyento ng unyonisasyon (unionization rate) sa Pilipinas—8.5% sa pribadong sektor at 14.9% sa publikong sektor (Philippine Bureau of Labor Relations, 10)— ay napakahina/napakaliit kumpara sa unyonisasyon ng Sweden: 71%; Norway: 52%; Denmark: 67%; at Finland: 74% (European Worker Participation Competence Centre/EWPCC). Sa kabila ng pamiminsala ng neoliberalismo sa iba't ibang panig ng daigdig, nagtatamasa pa rin ang mga bansang ito ng Scandinavia ng "high income equality, large, tax-financed welfare programs, powerful unions, and relatively low unemployment rates" (Stahl at Mulvad) dahil na rin sa lakas ng mga unyon na nagsisilbing talibang protektor ng mga benepisyo at karapatang

ipinagwagi sa mga naunang pakikibaka ng mga kilusang panlipunan. Sa pananaw nina Marx at Engels (ch. 4), "The proletarians have nothing to lose but their chains. They have a world to win." Walang mawawala sa mga manggagawa kundi ang kanilang mga tanikala, kapag sila'y nakibaka laban sa mapagsamantalang sistemang kapitalista. Walang mawawala sa kanila sapagkat hinubdan na sila ng mga kapitalista sa pamamagitan ng pagkakamal sa tubo habang baratilyo lamang ang sahod ng mga manggagawa – kakarampot na halos na di magkasya para sa araw-araw na gastos. "Diktadura ng proletaryo/uring manggagawa" (Lenin sa *State and Revolution* at Marx isang liham kay Joseph Weydemeyer na may petsang 5 Marso 1852) o "demokrasyang pinamumunuan ng mgamanggagawa"/"worker-led democracy" (Peter Ranis sa Cooperatives Confront *Capitalism*, Martin Legassick sa Armed Struggle and Democracy: The Case of South Africa, at Oliver Balch sa *Viva South America!: A Journey Through a Restless Continent*) man ang perspektiba, maraming radikal ang nagkakasundo na taliba ng pagbabago, "hukbong mapagpalaya" ang mga manggagawa sa buong daigdig, kaya't sila rin ang mga maaasahang masigasig na tagahasik ng mga binhi ng sosyalismo saanman, bilang sektor na pinakapinagsasamantalahan ng kapitalismo, at pangunahing sektor din na siyang nagpapagana sa kapitalismo at kung gayo'y may kakayahan ding pahintuin ang operasyon, kundi man tuluyang wasakin ang mekanismo ng kapitalismo.

Bukod sa pagpapalakas ng kapangyarihan ng mga manggagawa, direktang itinakwil ni Hernandez (172) ang katiwalian o korapsyon ng mga mayayamang namumuno sa bansa sa pamamagitan ng pagsasabing: "Ang isang pinuno'y dapat magbigay ng magandang halimbawa sa madla. Kung ang baya'y nagdaralita, imoral na ang isang pinuno at ang kanyang pamilya'y maglunoy sa ginhawa at luho. Kung ang taongbaya'y naglalakad sa maputik na kalsada, mahalay na ang isang pinuno'y nakasandal sa kanyang Cadillac?" Mula noon, hanggang ngayon, mahalagang bahagi ng proseso ng kaunlaran ang paghahanap ng mga lider na tunay na sa tuwid na daan ng matapat na paglilingkod tumatahak.

Bagama't walang direktang quotation sa *Mga Ibong Mandaragit* tungkol dito, malinaw na ang buong nobela ay nagpapahayag ng paninindigan laban sa umiiral na sistemang politikal na ang "...ang mga importanteng puwesto sa gobyerno – Malakanyang, Kongreso at hudikatura, at sa Army..." ay kontrolado ng mga may pera. Samakatwid, kung narito ngayon si Ka Amado, malamang na sasama siya sa panawagan ng pagpapasa ng isang Batas Kontra Dinastiya na magwawakas sa monopolyo ng iilang mayayamang pamilya sa sistemang politikal ng bansa, at pagtataguyod sa aktibong partisipasyon ng mga ordinaryong tao sa gobyerno na inaasahang maglilingkod sa kanilang interes.

Bukod sa Batas Kontra Dinastiya, maaari ding subukan ang isa pang reporma na kahawig ng estilo ng eleksiyon sa bansang Germany, Sweden at Norway (mga bansang nasa top 10 ng Human Development Index). Sa halip na paligsahan ng mga artista at mga politikong galing sa mga dinastiyang politikal, ang eleksiyon sa Senado at Kongreso, at maging para sa

pagkapangulo ay maaaring gawing estilong partylist. Ibig sabihin, pangalan ng partido o partylist ang isusulat sa balota. Ang mga puwesto sa Senado ay hahatiin depende sa dami/laki ng boto sa buong bansa ng bawat partido o partylist. Ang presidente ay magmumula sa partido na may pinakamalaking boto sa buong bansa. Ang puwesto sa bawat distritong lehislatibo ng Kongreso ay makukuha naman ng partido na may pinakamalaking boto sa bawat distrito. Maganda ang ganitong sistema dahil may bentahe na agad ang mga grupong partylist dahil pamilyar na ang mga tao sa mga pangalan nila at mas malawak ang aktuwal na network nila sa mga komunidad kaysa sa mga partidong tradisyonal. Ang mga tradisyonal na partidong karaniwang ginagamit ng mga dinastiya para tumakbo at manalo ay medyo mahihirapan dahil mas madalas, personalidad at di partido ang ikinakampanya nila. Samakatwid, mas malaki ang tsansa na ang mga partylist – ang mga obrerong hangad mailuklok sa kapangyarihan ni Ka Amado – na ang mangingibabaw sa pamahalaan kapag kinopya natin ang sistemang kahawig ng sa Germany, Norway, Sweden at iba pa. Marami sa mga partylist sa Pilipinas ay napatunayan nang nagsisilbi/naglilingkod sa kapakanan ng bayan, lalo na sa mga mahihirap. Karamihan sa mga bill at/o batas na kanilang inakda ay pabor na pabor sa masang Filipino gaya ng pagtataas ng sahod, pagpapatigil sa kontraktuwalisasyon, reporma sa lupa at iba pa. May mangilan-ngilang pekeng partylist na itinayo mismo ng mga dinastiya pero sa kabuuan, mas maraming partylist ang makabayan at makamasa kaya mas malaki ang tsansa ng pag-unlad ng bansa kung mga partylist na mula mismo sa mga grupo ng mahihirap o marginalized ang mamumuno sa gobyerno. Kung magkakaroon man ng Charter Change o pagbabago sa Konstitusyon, puwedeng-puwedeng subukan ang sistemang partylist sa Kongreso, Senado at pagkapangulo. Limitado man sa pakiwari ng ibang radikal ang mga ganitong reporma, tiyak na makapagpapalakas ang mga ito sa kapangyarihang politikal ng mga kilusang panlipunan na sa kasalukuya'y malayo pa rin sa "tarangkahan ng Palasyo."

## PANGWAKAS: TUNGO SA SOSYALISTANG PAGBABAGONG-ISIP

Ang papel na ito'y isa lamang pagtatangkang hikayatin ang mga Filipino na palalimin pa ang kanilang pagsusuri sa kapitalismo at sa sosyalismo, sa pamamagitan ng pagbasa sa *Mga Ibong Mandaragit* at malaon, pagbasa na rin sa mga akda ni Karl Marx na isa sa mga idolo ni Ka Amado. Maaaring hindi sang-ayunan ng mga Filipino ang bawat kaisipan nina Marx at Ka Amado, ngunit paano nga ba nila matututulan at mahihindian ang sosyalismo kung hindi pa nga nila binabasa si Marx at si Ka Amado, gayundin ang mga akdang klasiko ng mga kontemporaryong kapanalig nila, gaya ng *Lipunan at Rebolusyong Pilipino* ni Sison? Kung ang isang Pambansang Alagad ng Sining na pinarangalan ng gobyerno, ang isang makabayan at mapagmalasakit na Filipino gaya ni Ka Amado – na minsang nagsanla ng bahay upang matulungan ang mga manggagawang nagwewelga – ay isang sosyalista, hindi ba maaaring subukin ng mga Filipino na tahakin din ang landas ng sosyalismo o pag-aralan man lamang ito tungo sa pagkamit ng isang lipunang makatarungan at maunlad?

Lahat ng mga panimulang progresibong hakbang na tinalakay sa papel na ito ay makapagpapalakas sa kapangyarihan ng mga manggagawa, magsasaka at iba pang ordinaryong mamamayan, at makapagpapahina naman sa kapangyarihan ng mga kapitalista at asendero; makapagpapalakas sa mga komunidad at makapagpapahina sa impluwensiya ng kapital; nagsusulong sa kapakanan ng taumbayan, palayo sa pangingibabaw ng ideolohiyang nakasentro sa tubo – kaya't masasabing mga binhi ito ng sosyalismo sa konteksto ng Pilipinas. Kung susuriin ang kasaysayan, walang iisang daan tungong sosyalismo, gaya ng pinatunayan ng Unyong Sobyet, Tsina, at Cuba sa isang banda, at ng Venezuela sa kabilang banda. Rebolusyon ang daang tinahak ng Unyong Sobyet, Tsina at Cuba, at Cuba na lamang ang nananatiling sosyalista o mala-sosyalista sa tatlong bansang ito, habang nagsisikhay – bagamat kasalukuyang sisinghap-singhap – ang gobyernong sosyalista sa Venezuela na sa esensiya ay tumahak sa daan ng parlamentaryong sosyalismo at nagtagumpay na maiahon sa kahirapan ang marami-raming mamamayan (sa kabila ng mga limitasyon ng landas na ito) sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga sosyalistang patakaran, gaya ng binigyang-diin sa saliksik ni Weisbrot, Sandoval, at Rosnick (813-823): "available data show a decline in poverty for both individuals and households over the seven-year period: the percentage of people in poverty declined from 50 percent in the first quarter of 1999 to 43.7 percent in 2005." Positibong karanasan sa mabilis na industriyalisasyong bunsod ng sentralisadong pagpaplano mula sa kalagayang atrasado't agrikultural, piyudal o semi-piyudal, ang matututuhan sa Unyong Sobyet (Allen) at Tsina (Brandt, Ma, at Rawski), at negatibong karanasan naman na dapat itakwil at iwasan ang halos pagmomonopolyo ng mga burukrata sa pagdedesisyong taas-baba (top-down) nang hindi man lamang nagsasagawa ng regular at awtentikong demokratikong konsultasyong baba-pataas (bottom-up), batay sa pagbubuod sa simpatetikong kritika ni Lorimer sa Unyong Sobyet, na siya ring namayaning realidad sa Tsina pagkamatay ni Mao Tse-Tung, hanggang sa tuluyan nang makabalik sa kapangyarihan ang mga kapitalista, batay sa kritika ni Ching:

> The glaring inequality is everywhere in today's China. In the cities, it is common to see construction workers who migrated from the countryside sleeping along the streets, in tents temporarily set up on the construction site. Just a few yards from these tents are newly finished high-rises where well-dressed urbanites go in and out of expensive restaurants and stores. A meal in one such restaurant could be more than a whole month's pay for these construction workers...when both the National People's Congress (NPC) and the Chinese People's Political Consultative Conference (CPPCC) were in session...the richest 70 delegates from both bodies had a combined wealth of about $75 billion, compared with $4.8 billion for the wealthiest 70 members of the U.S. Congress. In addition to the lack of affordable housing, the problem of inequality has been exacerbated by the lack of basic medical care, low-cost public education, old age pensions, and other basic services for the majority of China's population... It is not hard to see that all these new mountains have originated from the capitalist reform that wasput in place by a bureaucratic government to accommodate imperialism.

Kaugnay nito, pagtiyak na nagbabagong-isip (sumasailalim sa paradigm shift) ang mga mamamayan habang nagpapatupad ng sosyalistang programa ang pamahalaan, ang isa pang partikular na aral na mula sa Tsina at Unyong Sobyet – upang hindi na maulit pa ang kagimbal-gimbal na panunumbalik sa kapangyarihan ng mga kapitalista: masikhay at matiyagang pakikipagtalakayan sa ordinaryong mamamayan hinggil sa superyoridad ng sosyalismo upang hindi maging "pilit" ang implementasyon ng mga radikal na reporma at upang hindi mamonopolyo ng mga burukrata ang kapangyarihang politikal, sapagkat ang sosyalismo ay proseso ng pagtuklas at paggamit ng masa sa kaniyang kapangyarihan na lumikha ng mga bagong landas, hubugin ang kaniyang daigdig, at likhain ang kaniyang bukas/hinaharap, higit sa anupaman, gaya ng paliwanag ni Eagleton (188-189):

> In the case of socialist revolution, this means that the organised working class, along with its various allies, take over from the bourgeoisie, or capitalist middle class. But Marx regarded the working class as by far the largest class in capitalist society. So we are speaking here of the actions of a majority, not of a small bunch of rebels. Since socialism is about popular self-government, nobody can make a socialist revolution on your behalf, just as nobody can become an expert poker player on your behalf... Revolution cannot be handed down to you by a tight-knit vanguard of conspirators. Nor, as Lenin insisted, can it be carried abroad and imposed at the point of a bayonet... You have to be actively involved in the making of it yourself...Only then will those who were once relatively powerless have the experience, know-how and self-assurance to go on to remake society as a whole. Socialist revolutions can only be democratic ones. It is the ruling class which is the undemocratic minority. And the large masses of people that such insurrections must involve by their very nature are their surest bulwark against excessive force...

Kaugnay ng sosyalistang pagbabagong-isip, dinamikong pagsasalubong ng mga inisyatibang taas-pababa (top-down) sa pamamagitan ng sosyalistang administrasyong Chavez at baba-pataas (bottom-up) sa pamamagitan ng mga konseho ng mga mamamayan (communal councils o consejos comunales) ang matututuhan naman sa karanasan ng Venezuela. Binuo ng administrasyong Chavez ang mga nasabing konseho sa pamamagitan ng Ley Organica de los Consejos Comunales ng Asamblea Nacional de la Republica Bolivariana de Venezuela (687) na nagbibigay-diin sa demokratikong punsyon (function) ng consejos comunales, gaya ng binabanggit sa Articulo 1: "participación para el ejercicio directo de la soberanía popular y su relación con los órganos y entes del Poder Público para la formulación, ejecución, control y evaluación de las políticas públicas, así como los planes y proyectos vinculados al desarrollo comunitario" ("participation in the direct exercise of popular sovereignty and its relationship with organs and entities of People Power for the formulation, execution, control and evaluation of public policies, as well as plans and projects related to community development"). Sa halip na "ipataw" lamang ang sosyalismo ay pinagsikhayan ng administrasyong Chavez na hikayatin ang mga ordinaryong mamamayan na tumulong sa paghuhubog ng sosyalistang Venezuela, tulad ng itinakda sa Articulo 3 ng nasabing batas (687):

> “La organización, funcionamiento y acción de los consejos comunales se rige por los principios y valores de participación, corresponsabilidad, democracia, identidad nacional, libre debate de las ideas, celeridad, coordinación, cooperación, solidaridad, transparencia, rendición de cuentas, honestidad, bien común, humanismo, territorialidad, colectivismo, eficacia, eficiencia, ética, responsabilidad social, control social, libertad, equidad, justicia, trabajo voluntario, igualdad social y de género, con el fin de establecer la base sociopolítica del socialismo que consolide un nuevo modelo político, social, cultural y económico” (“The organization, operation and action of communal councils is governed by the principles and values of participation, co-responsibility, democracy, national identity, free debate of ideas, speed, coordination, cooperation, solidarity, transparency, accountability, honesty, common good, territoriality, collectivism, efficacy, efficiency, ethics, social responsibility, social control, freedom, equity, justice, voluntary work, social and gender equality, in order to establish the socio-political basis of socialism that consolidates a new political, social, cultural and economic model.”).

Pagsandig sa sarili at pagtitiyak ng mga pangunahing serbisyo gaya ng kalusugan at edukasyon (sa kabila ng maliit na pondo) naman ang aral mula sa Cuba. “Gumitna” naman ang mga bansa sa Scandinavia na nagpapatupad ng mga mala-sosyalistang patakaran gaya ng libreng edukasyon at progresibong sistema ng pagbubuwis (mas mataas na buwis para sa mga mayayaman at dambuhalang korporasyon) – dalawang polisiyang kapwa preskripsiyon ng *Manifesto of the Communist Party* nina Marx at Engels (ch. 2) at isinusulong din sa CASER (77) na inihanda ng NDFP (Part V.B., Article III, Sections 5-8)– habang pinapayagan pa rin ang operasyon ng mga korporasyong pribado. Anuman ang limitasyon ng modelong Scandinavian ay masasabing gumagana iyon para sa Norway – na siyang bansang nangunguna sa Human Development Index. Kailangang aralin ng sambayanang Filipino ang lahat ng mga karanasan ng mga bansang sosyalista at/o nagpa(pa)tupad ng mga polisiyang sosyalista, at piliin ang alinmang eksakto sa ating konteksto. Anu’t anuman, nilinaw ni Dr. Sabio (137-138) sa nobelang *Mga Ibong Mandaragit* ang higit na praktikal na landas para sa mga bansang mapagmatigas at anti-reporma ang elite:

> “Ang katagang peaceful o bloodless revolution e nanggagaling sa bibig ng mga repormista, pero sila’y mga kabig din ng status quo. Akala nila, ang sakit e makukuha sa tapal-tapal. Dagdagan ang rasyon ng aso at hindi na ito tatahol. Luwagan ang kadena ng preso at hindi na ito susunggab ng patalim. Mga hangal! Maiiwasan ba ang pagdanak ng dugo sa isang rebolusyon, e sa ang mga depensor ng status quo, yang mga hepe ng Establishment, yang mga kapitalista, yang mga asendero, pinansiyero at monopolista, yan mga aristokrata at parasito ng lipunan, at ang kanilang mga kasangkapan, tulad ng army, pulisya at ibang sandatahang lakas, e siyang unang gagamit ng dahas, siyang unang papatay. Tignan n’yo at sa mga welga lamang, sa mga demonstrasyon at picket line, labis na ang tapang at gahasa ng mga nasa poder, sa tunay pa kayang himagsikan matuto silang magpakahinahon? Ang isang rebolusyo’y sapilitang magiging madugo, hindi sa kagagawan ng mga humihingi ng katarungan, kundi sa kalupitan, kabangisan at karuwagan ng mga kaaway ng pagbabago, ng kalayaan at demokrasya...Pero upang maipagtagumpay ang isang

rebolusyon ay kailangan muna ang, una, ganap na kabiguan at kawalang-pag-asa ng lalong marami sa kalagayang umiiral o status quo, at ikalawa, panlulupaypay at kawalang-bisa ng kapangyarihang nais palitan...”

Sa proseso ng sosyalistang pagbabagong-isip, mula pagbasa at pagtalakay sa mga tekstong sosyalista hanggang sa mga forum at diyalogo hinggil sa sosyalistang programa, ang paggamit ng wikang sarili sa talakayan at diskurso ay makabuluhan. Sa pamamagitan lamang nito higit na mauunawaan ng sambayanan ang kaniyang mga suliranin, at kung paano malulutas ang mga ito. Kung mabilis na nagkakaunawaan ang mga mamamayan, mabilis din ang ating pagsulong sa pangarap nating maalwang bukas para sa lahat. Patuloy nating itaguyod ang wikang Filipino at Panitikang Filipino tungo sa pagtuklas at pagtahak sa landas ng kaunlarang akma sa ating karanasan at kolektibong pangarap. A luta continua! Tuloy ang laban ni Ka Amado! Tuloy ang panata ni Mando Plaridel!

## MGA SANGGUNIAN


Allen, Robert C. *Farm to Factory: A Reinterpretation of the Soviet Industrial Revolution (Chapter One)*. Princeton University Press, 2009.Web. 01 April 2017. http://press.princeton.edu/chapters/s7611.pdf

Alvaredo, Facundo et al. “The World Top Incomes Database.”Paris School of Economics.” 2013. Web. 31 January 2014. http://topincomes.g-mond.parisschoolofeconomics.eu/

Amin, Samir. “Saving the unity of Great Britain, breaking the unity of Greater Russia.”*Monthly Review* 66.7 (2014). Web. 07 December 2016. http://monthlyreview.org/2014/12/01/saving-the-unity-of-great-britain-breaking-the-unity-of-greater-russia/

Asamblea Nacional de la Republica Bolivariana de Venezuela.“Ley Organica de los Consejos Comunales.”Web. 01 April 2017. http://www.mp.gob.ve/c/document_library/get_file?uuid=cc72df08-0593-422e-a70b-0e884f7cd59a&groupId=10136

Batt, Peter et al. “The Vegetable Industry in the Philippines.”Australian Centre for International Agricultural Research. (November 2007). Web. 07 December 2016. http://aciar.gov.au/files/node/4189/Final%20report%20ASEM-2005-062.pdf

Bello, Walden. Capitalism’s Last Stand?: *Deglobalization in The Age of Austerity*. London: Zed Books, 2013. Print.

Brandt, Loren and Ma, Debin and Rawski, Thomas G. “Industrialization in China.” IZA Discussion Paper No. 10096. Web. 01 April 2017. https://ssrn.com/abstract=2819378

Casauay, Angela. “PH farmers endangered species’ Guess what the average age of farmers in the Philippines is?.” Rappler. (2014, October 7). Web. 07 December 2016. http://www.rappler.com/business/special-report/world-economic-forum/2014/58607-ph-farmers-endangered-species-pangilinan

Chaudhury, Mohammed. “The financial crisis and the behavior of stock prices.” Desautels Faculty of Management, McGill University, Montreal, Canadá (2011).

Ching, Pao-yu. “China: Continuing Class Struggle Sixty-two Years after the Revolution.” Institute for Political Economy. (12

October 2011). Web. 01 April 2017. http://politicaleconomy.info/index.php?option=com_content&task=view&id=62&Itemid=26

Chavez, Hugo. "Speech on Climate Change in the Copenhagen Summit." (17 December 2009). Web. 31 January 2014. http://venezuelanalysis.com/analysis/5013.

Chomsky, Noam. "Will Capitalism Destroy Civilization?" Truthout. (07 March 2013). Web. 31 January 2014. http://truth-out.org/opinion/item/14980-noam-chomsky-will-capitalism-destroy-civilization

Danish Trade Union Council for International Development Cooperation. *The Philippines: Labour Market Profile*. 2014. Web. 07 December 2016. http://www.ulandssekretariatet.dk/sites/default/files/uploads/public/PDF/LMP/lmp_philippines_2014_final_draft.pdf

Diaz, Rigoberto. "Cuban university gives international students a free medical education." *China Post*. (31 October 2013). Web. 01 April 2017. http://www.chinapost.com.tw/international/americas/2013/10/31/392507/Cuban-university.htm

Eagleton, Terry. Why Marx Was Right. Yale University Press, 2011. Print.

European Worker Participation Competence Centre/EWPCC.National industrial relations. 2013. Web. 07 December 2016. http://www.worker-participation.eu/National-Industrial-Relations/Countries/

Felipe, Abraham. & Porio, Carolina. "Length of school cycle and the "quality" of education." (c.2010). https://clubmanila.files.wordpress.com/2016/04/length-of-school-cycle-and-the.pdf

Flecha, Ramon & Ignacio Santa Cruz. "Cooperation for Economic Success: The Mondragon Case." Analyse & Kritik. 33.1 (2011): 157–170. Web. 07 December 2016. http://burawoy.berkeley.edu/Public%20Sociology,%20Live/Flecha&Santacruz.Mondragon.pdf

Freire, Paulo. *Pedagogy of the Oppressed*. New York: The Continuum International Publishing Group Inc., 2005. Print.

Gasperini, Lavinia. "The Cuban Education System: Lessons and Dilemmas." *Country Studies Education Reform and Management Publication Series* 1.5 (2000). Web. 07 December 2016. https://siteresources.worldbank.org/EDUCATION/Resources/278200-1099079877269/54766-1099080026826/The_Cuban_education_system_lessonsEn00.pdf

González, Mauro Castelló , Reinaldo Pons Vásquez, David Rodriguez Bencomo and Imti Choonara. "International Medical Collaboration: Lessons from Cuba." Children 2016, 3, 20; doi:10.3390/children3040020

Hernandez, Amado. *Mga Ibong Mandaragit*. Quezon City: Progressive Printing Palace, 1982. Print.

Johnson, Steve at David Ricketts. "US pension funds sue BlackRock." Financial Times.03 February 2013. Web. 07 December 2016. http://www.ft.com/intl/cms/s/0/4f5002de-6c5c-11e2-b774-00144feab49a.html#axzz4APr9UbUA

Lamrani, Salim. "Cuba's Health Care System: a Model for the World" *Huffington Post*. 08 October 2014. Web. 07 December 2016. http://www.huffingtonpost.com/salim-lamrani/cubas-health-care-system-_b_5649968.html

Lebowitz, Michael. "Proposing a Path to

Socialism: Two Papers for Hugo Chávez." 10 March 2014. Monthly Review 65.10 (2014). Web. 01 April 2017. https://monthlyreview.org/2014/03/01/proposing-path-socialism-two-papers-hugo-chavez/

Lichauco, Alejandro. Nationalist Economics. Quezon City: Institute for Rural Industrialization, Inc., 1988. Print.

Lie, Einar. "Context and Contingency: Explaining State Ownership in Norway." *Enterprise & Society* 17.4 (2016): 904-930. muse.jhu.edu/article/638806.

Lorimer, Doug. "The collapse of 'communism' in the USSR: Its causes and significance." *Democratic Socialist Perspectiv*e. 1992. Web. 01 April 2017. http://www.dsp.org.au/node/123

Manda, Kiran. "Stock Market Volatility during the 2008 Financial Crisis."The Leonard N. Stern School of Business-Glucksman Institute for Research in Securities Markets. 2010. Web. 07 December 2016. http://www.stern.nyu.edu/sites/default/files/assets/documents/uat_024308.pdf

Maningat, Jose Carlos. *Social Protection in aid of Corporations?The Filipino Workers' Dilemma with Social Security*. Asia Monitor Resource Centre, 2015.Web. 07 December 2016. http://amrc.org.hk/sites/default/files/Philippines_EILER_Discussion%20Paper%201.Social%20protection%20in%20aid%20of%20corporations_0.pdf

Marx, Karl. *Capital Volume One*. Web. 01 April 2017. https://www.marxists.org/archive/marx/works/1867-c1/ch13.htm

Marx, Karl at Friedrich Engels. *Manifesto of the Communist Party*.Web. 01 April 2017. https://www.marxists.org/archive/marx/works/1848/communist-manifesto/ch01.htm

McInerney, Andy. "May Day, The Workers' Day, Born in the Struggle for the Eight-hour Day." Liberation & Marxism, no. 27 (Spring) (1996). Web. 07 December 2016. http://sandiego.indymedia.org/en/2003/04/5397.shtml

National Democratic Front of the Philippines. Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms (*CASER*). 2017. http://justpeace.ph/wp-content/uploads/2017/02/CASER-draft-as-of-1701-12-exchanged-with-GRP.pdf

---. "The Twelve Points of the NDF Program: 9. Promote a national and progressive people's culture." Web. 01 April 2017. https://www.ndfp.org/about/the-twelve-points-of-the-ndf-program/9-promote-a-national-and-progressive-peoples-culture/

Maresca, Thomas. "Vietnam's Mekong Delta hit with worst drought in 90 years." USA Today. 26 April 2016 .Web. 07 December 2016. http://www.usatoday.com/story/news/world/2016/04/21/vietnams-mekong-delta-hit-worst-drought-90-years/83231314/

Philippine Bureau of Labor Relations.Unions, CBAs and registration. 2012. Web. 07 December 2016. http://blr.dole.gov.ph/blr_files/blr_transparency/union,cbasandrwasregistration.pdf

Pope Francis. *Evangelii Gaudium*. 24 November 2013. Web. 31 January 2014. http://www.vatican.va/holy_father/francesco/apost_exhortations/documents/papa-francesco_esortazione-ap_20131124_evangelii-gaudium_en.html#Challenges_to_inculturating_the_faith.

Reuters. "Philippines buys 150,000 tons rice from Vietnam, set to import more." GMA News. 05 June 2015. Web. 07 December 2016. http://www.gmanetwork.com/news/

story/499166/money/philippines-buys-150-000-tons-rice-from-vietnam-set-to-import-more

Rolland, Sonia. "Mondragon Corporation Cooperatives, People Working Together." UW-L Journal of Undergraduate Research IX.(2006). Web. 01 April 2017. http://en.journals.sid.ir/ViewPaper.aspx?ID=296932emergenycy

Scott, Allen J. "The Shoe Industry of Marikina City, Philippines: A Developing Country Cluster in Crisis." Kasarinlan 20.2 (2005).Web. 07 Dec. 2016. http://journals.upd.edu.ph/index.php/*kasarinlan*/article/view/435.

Sison, Jose Maria. "Marxian Critique of the Neoliberal Economic Agenda."Web. 01 April 2017. https://josemariasison.org/marxian-critique-of-the-neoliberal-economic-agenda/Sison, Jose Maria. Continuing The Struggle for National & Social Liberation. International Network for Philippine Studies, Netherlands, 2015. Print.

Stahl, Rune Møller at Andreas Møller Mulvad. "What Makes Scandinavia Different?." Jacobin.04 August 2015. Web. 07 December 2016. https://www.jacobinmag.com/2015/08/national-review-williamson-bernie-sanders-sweden/

Tablan, Ferdinand. "Kaisipang Sosyalismo sa mga Akda ni Amado V. Hernandez." sa KRITIKE 5.1 (2011). 15-35. Web. http://www.kritike.org/journal/issue_9/tablan_june2011.pdf

Taibbi, Matt. "Looting the Pension Funds."*RollingStone*.26 September 2013. Web. 07 December 2016. http://www.rollingstone.com/politics/news/looting-the-pension-funds-20130926

United Nations Development Programme. Overview: Human Development Report 2016 (Human Development for Everyone). Web. 01 April 2017. http://hdr.undp.org/sites/default/files/HDR2016_EN_Overview_Web.pdf

Walters, Jonah. "Today is our day." Jacobin. 01 May 2016. Web. 07 December 2016. https://www.jacobinmag.com/2016/05/may-day-history-iww-haymarket-american-labor-movement/

Weisbrot, Mark, Luis Sandoval, at David Rosnick. "Poverty Rates in Venezuela: Getting the Numbers Right." *International Journal* of Health Services . 36.4 (2006): 813 – 823. Web. 01 April 2017. https://www.ncbi.nlm.nih.gov/pubmed/17175848

West, Lois. Militant Labor In The Philippines. United States: Temple University Press, 1997.

Zabala, Santiago. "Being a Communist in 2012."*Aljazeera*.09Feb2012.Web.31January 2014. http://www.*aljazeera*.com/indepth/opinion/2012/02/201223111316317303.html.

Zizek, Slavoj. Living in The End Times. Verso, 2011